


# Kamatayan sa Gitna ng Paglago ng Iilan, Paghihikahos, at Paglaban

Pagsusuri sa Kalagayan ng Manggagawa sa Anim na Taong Panunungkulan ni Noynoy Aquino

**Center for Trade Union and Human Rights, Inc.**
Marso 2016

Nilalaman


**3** Introduksyon

**5** Krisis sa trabaho: Pagwasak sa regular at lokal na trabaho

**10** Barat na sahod, murang lakas-paggawa

**13** Diskriminasyon at pagsasamantala sa kababaihan at batang manggagawa

**16** Higit pang pagpiga at pambubusabos sa manggagawa

**17** Puno ng demolisyon at disaster

**20** Kahirapan ng marami, paglago ng iilan

**21** Kamatayan at mas masahol na kondisyon sa paggawa, walang pananagutang pamamayagpag ng kapital

**27** Komprehensibong atake sa unyon at karapatan ng manggagawa

**41** Paglaban at Pakikibaka ng mga Manggagawa

**44** Kongklusyon at perspektiba

**47** Mga Sanggunian



**Kamatayan sa Gitna ng Paglago ng Iilan, Paghihikahos, at Paglaban**
Pagsusuri sa Kalagayan ng Manggagawa sa
Anim na Taong Panunungkulan ni Noynoy Aquino
Marso 2016

Inilathala ng Center for Trade Union and Human Rights
Room 702 Culmat Building E. Rodriguez Ave., Quezon City
(+632) 411.0256
ctuhr.pilipinas@gmail.com
ctuhr.org

## Introduksyon

Sa unang State of the Nation (SONA) ni Benigno "P-Noy" Simeon C. Aquino III, binanggit niya ang aniya'y mga katiwalian ng nakaraang rehimen at ang pagkabangkarote ng gobyernong kanyang minana. Ipinangako nyang "pananagutin ang mga mamamatay tao at mga kurakot sa gobyerno" at inihaing solusyon sa kakulangan ng pondo ang Public-Private Partnerships (PPP). Aniya:

> "[Sa PPP] hindi gagastos ang gobyerno, kundi kikita pa. Mula sa Public-Private Partnerships, lalago ang ating ekonomiya, at ang bawat Pilipino ay makikinabang. Oras na maipatupad ang Public-Private Partnerships na ito, mapopondohan ang mga serbisyong panlipunan, alinsunod sa ating plataporma.Napakaraming sektor na matutulungan nito…. Paalala na una sa ating plataporma ang paglikha ng mga trabaho, at nanggagaling ang trabaho sa paglago ng industriya…." (SONA, 2010)

PPP ang itinuturing na flagship strategy o makina ng pagpapaunlad sa ekonomiya ng gobyernong Aquino. Sa PPP, ikinokontrata ng gobyerno ang isang pribadong kumpanya para magdisenyo, magtayo at/o magpinansya, magmintina, at/o magpatakbo ng isang serbisyong pampubliko o proyektong imprastraktura na kadalasan ay tumatagal ng 25 hanggang 30 taon (Hearne, 2009). Ibig sabihin, ang pribadong sektor ang magsasagawa at mamamahala ng mga mayor at estratehikong serbisyo at proyekto tulad ng patubig, tren, malalaking kalsada, port at iba pa. Mula rito, kikita ang gobyerno. Sa esensya, inaalis o inaabandona ng pamahalaan ang responsibilidad nito at ibinibigay sa mga korporasyon ang kapangyarihang magtakda ng mga patakaran kung paano ang mga nasabing proyekto at serbisyo ay pamamahalaan ayon sa kanilang interes—kung paano mababawi ang ipinuhunan nito at tutubo mula rito—at hindi naayon sa interes ng mamamayan.

Ang PPP ang isa sa mga estratehiyang laman ng neoliberal na programang ipinapapatupad sa Pilipinas at sa iba pang mga bansa sa buong mundo. Sa pagpapatupad ng PPP at mga neoliberal na mga patakaran, sinasabing uunlad ang ekonomiya ng bansa at ng mundo ayon sa itinatakda ng mga dambuhalang institusyong pampinansya tulad ng World Bank (WB), International Monetary Fund (IMF), at Asian Development Bank (ADB).

Subalit nakinabang nga ba ang mga mamamayan tulad ng ipinangako ni P-Noy? Sapat ba at disente ang mga trabahong nalikha para sa mamamayan? May mga panlipunang serbisyo bang natamasa ang malawak na mamamayan?

Lumaya ba ang mga pamilyang Pilipino mula sa pangamba kung ano ang magiging kinabukasan ng ating mga anak?

Ayon kay PPP Center Executive Director Cosette Canilao, inasahan ng gobyernong makakalikom ng US$ 24 bilyon mula sa mga proyekto ng PPP ngunit umabot lamang ng US$ 4.2 bilyon (PHP 189 bilyon) ang halaga ng proyektong naaprubahan (Bayos, 2015). Maliit na porsyento, pero malaking halaga kung gagamitin para suportahan ang lokal na industriya at ang panlipunang serbisyo. Kaya lang, hindi pagpapaunlad ng serbisyo ang layunin ng PPP. Bagkus, nagdulot ito ng dagdag na singil sa mga bayarin samantalang pinalalaki ang kita mula sa serbisyong pinamamahalaan ng kumpanya.

Sa loob ng anim na taong panunungkulan ni P-Noy, matinding kahirapan, malupit na karahasan at malagim na kamatayan ang sinapit ng mamamayan at manggagawang Pilipino sa gitna ng paglago ng yaman ng iilan. Lalong dumausdos ang kabuhayan ng manggagawang Pilipino sa pagpapatupad ng gobyernong Aquino ng mga neoliberal na patakaran at programa, mayor dito ang PPP. Dumausdos ang kabuhayan ng manggagawang Pilipino kasunod ng higit pang pambabarat sa sahod, pagwasak sa regular na hanapbuhay kasabay ng pagsasapribado at pagtaas ng halaga ng mga batayang serbisyo. Sa kabilang banda, ang ipinagmamalaking paglago ng ekonomya ay pinakinabangan lamang ng iilang mayayaman at mga dayuhang negosyo.

Walang kaparis ang pagbuyangyang ng gobyernong Aquino sa ekonomya ng bansa sa pagpirma nito sa maraming kasunduang pangkalakal at pampuhunan. Ang mga batas at programang ipinatupad nito ay sagad-sagaring nagtaguyod ng neoliberal na globalisasyon.[1] Ginawa nitong lalong pleksible at mura ang paggawa habang pinatatahimik ang mga manggagawa upang hikayatin ang dayuhang mamumuhunan. Sa pamamagitan rin ng patakarang ito, piniga at patuloy na pipigain ang mamamayang Pilipino at ang likas yaman ng bansa para sa pribadong tubo at kita.

Bahagi ng pagpapatupad ng neoliberal na patakaran, kaalinsabay ng kontra-insurhensyang programang Internal Security and Peace Plan (IPSP) o mas kilala sa Oplan Bayanihan ang walang humpay na paglabag sa karapatang pantao ng manggagawa at mamamayan. Ayon sa Karapatan, 238

1 Neoliberalismo, sa simpleng pakahulugan, ito ay malayang pagdaloy ng kapital, produkto at serbisyo; pagbabawas o pag-aalis ng pakikiaalam ng gobyerno sa malayang pagnenegosyo ng mga kapitalista, pagbabawas ng gastos ng gobyerno sa panlipunang serbisyo at proyekto, pagpapatupad ng pleksibleng paggawa, pagpapako ng sahod atbp, at pagpapahina kundi pagkitil sa unyon. Sa pangkalahatan, pagpapatakbo ng ekonomiya ayon sa dikta ng merkado o kailangan ng kapitalista.

ang biktima ng pagpaslang o *extra-judicial killings* (EJK), 26 ang sapilitang nawala (*enforced disappearances*) at 527 na sa kasalukuyan ang bilang ng bilanggong pulitkal mula nang maupo si P-Noy bilang Pangulo mula noong Hunyo 2010 hanggang Marso 2015.

Taliwas sa ipinangako ni Aquino, hindi natigil, at lalong hindi nabigyang hustisya ang mga pagpaslang sa mga lider unyonista at maralitang lunsod, bagkus ay nagpatuloy ang mga pagpatay, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, harassment at pananakot at iba pang porma ng paglabag sa karapatan ng mga unyonista at maralita. Sa inisyal na tala ng CTUHR, may 726 na iba't-ibang kaso ng paglabag sa karapatan ng libo-libong manggagawa at maralita ang nangyari sa loob ng anim na taon ni Aquino, kasama rito ang 26 na biktima ng pagpaslang.

Mapanlikha pero tusong ginamit ng administrasyong Aquino ang dahas, mga mapanlinlang na batas at pamamaraan at pagkabig sa mga dilawang unyon, organisasyon ng manggagawa at kabataan, mga paaralan at iba pang institusyon upang supilin kundiman tuluyang durugin ang mga tunay na unyon at organisasyon ng mga manggagawa at maralita. Katulad ng pagmamalaki nito sa diumano'y paglago ng ekonomya na sa abereyds ay 6% kada taon, ibinibida rin ng gobyernong Aquino ang pagpapanatili nito ng kapayapaang pang-industriya (*industrial peace*). Subalit, hungkag at nakaliligalig ang kapayapaang ito dahil ito ay nakabatay sa mas pinatinding pagsasamantala at komprehensibong panunupil sa karapatan ng mga manggagawa. Sa katunayan, sa anim na taon ng Daang Matuwid ni Aquino, lalong umigting at sumulong ang pakikibaka ng mga manggagawa at maralita para sa nakabubuhay na sahod, permanenteng trabaho, hustisya, kalayaang mag-organisa at katiyakan sa paninirahan.

Sa pagtatapos ng anim na taong panunungkulan ni P-Noy, malinaw sa mga manggagawa, na walang dapat ipagmalaki ang administrasyong Aquino at hindi na dapat ipagpatuloy pa ang Daang Matuwid. Samantala, hindi natatapos ang paglaban ng mamamayan sa kahirapan, pagsasamantala at panunupil dulot ng neoliberal na globalisasyon.

## Krisis sa trabaho: Pagwasak sa regular at lokal na trabaho


Ang ipinagmamalaking paglago ng *gross domestic product* ng bansa ay hindi nagresulta sa paglikha ng sapat, regular at lokal na trabaho para sa mamamayan. Sa halip, ang mga mamamayan ay dumanas ng malalang krisis sa trabaho (*job crisis*) dahil sa patuloy na pagdami ng bilang ng walang hanapbuhay at paglaganap ng kontraktwal at impormal na manggagawa.

Sa simula pa lamang ng administrasyong Aquino, malinaw na wala itong matibay at malinaw na programa para sa paglikha ng regular at lokal na trabaho sa bansa. Sa Philippine Labor and Employment Plan (PLEP) at sa 22-Point Labor Agenda ng gobyernong Aquino, tila itinanggi nito ang kakulangan ng hanapbuhay sa bansa sa pagtukoy ng *job mismatch* bilang susing suliranin sa kawalan ng hanapbuhay. Kung kaya, sa halip na paglikha ng trabaho ang maging estratehiya ng gobyerno, *job facilitation* o paggampan ng papel ng isang *manpower agency* ang naging pangunahing tugon ng pamahalaan para solusyonan ang mataas na porsyento ng kawalang trabaho. Makikita rin sa 22-Point Labor Agenda na ang naturang *job facilitation* ay may partikular na diin sa pagpapadala ng mas maraming pang manggagawang Pilipino sa ibang bansa kabilang rito ang pagpapabilis ng pagproseso ng pag-eempleyo sa mga OFW. Ilang ahensya ng gobyerno ang direktang naghahanap ng trabaho sa ibang bansa at nangagasiwa rito. Kabilang mismo si P-Noy sa mga aktibong nag-alok ng mga manggagawang Pilipino sa mga bansang kanyang binibisita sa anyo ng mga *labor agreements*.

Mula 2010 hanggang 2015, ang taunang abereyds ng nalikhang trabaho ay 692,000 kada taon, mas mababa ito sa taunang abereyds na nalikhang trabaho mula 2000-2009 na aabot sa mahigit 732,000 kada taon (Ibon, 2016). Bagama't bahagyang tumaas ang bilang ng mga sahurang manggagawa at bumaba ang bilang ng mga manggagawang hindi binabayaran (*unpaid family workers*) tumaas pa rin ang bilang ng mga *self-employed* ng 108,000. Nadagdagan rin ang mga kulang sa trabaho (*underemployed*) ng 174,000 mula 2009 hanggang Oktubre 2015 bagama't bahagyang bumababa ang underemployment rate mula 19.1% pababa sa 17.6% sa parehong panahon.

Kahit kaunti lamang ang nalikhang trabaho, ipinagmamalaki pa rin ng gobyerno na bumaba raw ang *unemployment rate* sa bansa mula 7.1% noong 2010 pababa sa 6.4% sa pagtatapos ng 2015. Ngunit, kwestiyonable ito dahil kung susuriing mabuti ang *Labor Force Survey*, may 23.6 milyong indibidwal na nasa edad na para magtrabaho (15-60 gulang) ang hindi ibinibilang sa lakas paggagawa (*labor force*) at kung gayon ay wala sa bilangan (*ratio*) ng may trabaho at walang trabaho. Isang dahilan ay ang hindi pagbilang sa mga taong nagsawa na o nawalan na ng ganang maghanap ng trabaho (*discouraged workers*) sa lakas paggawa kahit pa ang mga ito ay may kakayahang magtrabaho. Gayundin, mula nang tamaan ng bagyong Yolanda ang Samar at Leyte ay hindi pa muling isinama sa employment survey ang Rehiyon VIII. Kung tutuusin, sa iba pang sarbey ay mas mataas ang porsyento ng walang trabaho sa bansa. Sa tantya ng Ibon Foundation

**Tsart 1. Nagpapatuloy na krisis sa trabaho**





(2016), ay aabot pa rin sa 9.8% hanggang 10% ang *unemployment rate* sa bansa. Katumbas ito ng 4.2 hanggang 4.3 milyong Pilipino. Ayon sa huling sarbey ng Social Weather Station (SWS), umaabot sa 21.9% ang abereyds na *unemployment rate* sa bansa sa taong 2015. At kumpara sa mga karatig bansa sa Timog Silangang Asia, nananatiling pinakamataas pa rin ang porsyento ng walang trabaho sa bansa.

## Paglaganap ng pleksible at prekaryosong hanapbuhay

Sa pagtataguyod ng mga industriyang mabuway at lantarang pagbebenta ng murang lakas-paggawa, tuluyang winasak ng gobyernong Aquino ang regular na trabaho at ginawang pangkaraniwan at laganap ang pleksible at prekaryosong hanapbuhay. Sa pag-aaral ng BLES (2014) hinggil sa profile ng lakas-paggawa sa mga industriyang tinukoy ng gobyernong Aquino na sunshine industries—kabilang rito ang Tourism, BPO, Mining, Construction, Telecommunications, at Electronics—lumalabas na 1 sa bawat 3 (35%) manggagawang rank and file sa mga industriyang ito ang hindi regular o nabibilang sa isa sa mga sumusunod na kategorya: seasonal, probationary, contractual/project-based, apprentice/learners, o casual. Samantala sa isinagawang pag-aaral ni Serrano (2012), tinatayang 7 sa sampung manggagawa ang hindi regular (non-standard) ang hanapbuhay.

Sa simula pa lamang ng gobyernong Aquino, malinaw ang naging pagpabor nito sa pleksibilisasyon ng paggawa—mula sa pahayag ng

**Tsart 2: Regular at hindi regular na manggagawa sa mga tinaguriang *sunshine industries* sa panahon ni Aquino**




Department of Trade and Industry (DTI) na nagsasabing marapat na luwagan (*relax*) ang batas hinggil sa *security of tenure* upang hikayatin ang dayuhang mamumuhanan hanggang sa naging desisyon ng Department of Labor and Employment (DOLE) na pinagtibay ng Malacañang na nagtataguyod ng "*management prerogative*" ang *outsourcing* sa kasagsagan ng isyu ng Philippine Airlines kung saan 3,600 manggagawa ng ground operations ang apektado ng *outsourcing.*

Nang lumaon, ang mga hakbangin tungo sa pagtataguyod ng pleksibleng paggawa ay lalo pang pinagtibay ng gobyernong Aquino sa pamamagitan ng DO 18-A, na siyang lalong nagbigay katuwiran sa *job contracting*. Mistulang pinalalabnaw kundiman tuluyang binago ng DO 18-A ang depinisyon ng regular na manggagawa dahil sa ilalim nito, patuloy umanong matatamasa ng manggagawa ang seguridad sa trabaho at karapatan sa pag-uunyon. Ngunit ang pag-oorganisa ng unyon at pagiging regular ay sa ilalim ng kontraktor at hindi ng prinsipal na kumpanya. Kung kaya, naging karaniwan na ang papaliit na bilang ng *direct hires* sa isang empresa kumpara sa mga manggagawang *agency hires*. Sa Tanduay Distillers Manufacturing Inc. halimbawa, mahigit sa 40 rank and file na manggagawa lamang ang *direct hires* samantalang ang 396 ay pawang nasa ilalim ng *manpower agencies*. Halos gayundin ang kalagayan sa Asahi Flat Glass Philippines kung saan aabot na lang ng 99 ang rank and file na direktang ineempleyo ng kumpanya

samantalang aabot sa 500 hanggang 700 ang manggagawang nagpapatakbo sa pagawaan. Hindi rin totoong mayroong seguridad sa trabaho ang mga manggagawa sa ilalim ng DO 18-A dahil karaniwan nang praktika ng mga kontraktor ang anim at taunang kontrata sa mga manggagawa. Matapos nito ay muli silang pinapipirma ng bagong kontrata. Ang pag-oorganisa ng unyon sa ilalim ng kontraktor ay sinasabing posible sa papel subalit sa aktwal ay hindi dahil pa rin sa kawalan ng seguridad sa trabaho.

Ang pagtataguyod ng pleksibleng paggawa ay nasa balangkas rin ng iba pang sektor labas sa produksyon—bangko at pinansya, serbisyo sa gobyerno, kalusugan, transportasyon, patubig, transportasyon at edukasyon. Kaakibat ito ng pagpapatupad ng BSP Circular 268 na pumapayag sa *outsourcing* ng mga gawain ng bangko sa *third party service providers*, sa rasyonalisasyon sa mga ahensya ng gobyerno, pagsasapribado ng mga ospital, transportasyon, mga dam, iba pang pampublikong serbisyo at maging ang pagpapatupad ng K to 12 program.

Sa gobyerno, noong 2010 tinatayang 22% ng kawani ng pamahalaan ang kontraktwal na lalo pang lumalala sa paglipas ng halos anim na taong panunungkulan ni P-Noy. Pinakamalaganap ang kontraktwalisasyon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa lahat ng mga ahensya ng gobyerno. Ayon sa COURAGE, aabot sa 20,000 ang kontraktwal sa DSWD samantalang 3,000 lamang ang regular na empleyado (Manila Today, 2015; Guda K.R., 2014). Maging sa mga lokal na pamahalaan ay laganap ang kontraktwal na mga kawani.

Sa pagsasapribado ng LRTA, mayroong 964 manggagawa ang nanganganib mawalan ng trabaho o maging kontraktwal dahil anim na buwan lamang ang ibibigay na kontrata sa mga manggagawa ng bagong manedsment. Sa planong pagsasapribado ng mga pampublikong ospital, nanganganib rin ang maraming mga nars at empleyado ng mga mga ospital na maging kontraktwal. Samantala, sa pagtataya ng Alliance of Concerned Teachers, mayroong 49,000 guro ang kontraktwal. Sa pagpapatupad ng K to 12 program, mayroong humigit kumulang 78,318 *teaching* at *non-teaching* na empleyado sa mga kolehiyo at pamantasan ang mawalan ng trabaho (Geronimo, 2015). Kasunod nito ay ang mas mahirap na kakaunting tenured position na ilalaan para sa mga mga propesor sa kolehiyo at pamantasan at kolehiyo sa hinaharap.

### Pinaigting na pagluwas ng manggagawang Pilipino

Sa halip na lumikha ng trabaho sa bansa, todo-todong ipinatupad ng gobyernong Aquino ang *labor export policy*. Kalakhan sa 22 point labor agenda


ng gobyernong Aquino ay patungkol sa migranteng manggagawang Pilipino at kung paano ito madulas at mabilis na isasagawa. Kaya naman, mula sa 3,600 na Pilipinong lumilikas patungo sa ibang bansa para maghanapbuhay noong 2009, ay halos dumoble ang bilang na ito na aabot na sa mahigit sa 6,000 Pilipino kada araw ang lumalabas ng bansa upang maghanapbuhay. Hindi napigilan ng kahit anong kaguluhan, krisis at pagkamatay ng mga kababayan nating OFW sa ibang bansa ang pagpapatupad ng gobyernong Aquino ng patakarang *labor export*. Bagkus, sa gitna ng mga giyera sa Kanlurang Asya at Afrika, paglaganap ng mga nakamamatay na sakit sa Afrika, krisis ng ekonomya sa Europa at Saudi Arabia, diskriminasyon, pambubusabos, karahasan o kamatayang sinapit ng mga OFWs, nanatiling nakasandig ang gobyernong Aquino sa pangangailangan ng daigdig para sa trabaho sa mga Pilipino. Nananatiling nakaasa ang malaking bahagi ng ekonomya ng bansa sa *remittance* ng mga OFW sa kabila ng tumitinding pandaigdigang krisis at lumalalang kalagayan ng mga OFWs.

## Barat na sahod, murang lakas-paggawa

Nanatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa sa ilalim ng panunungkulan ni Aquino. Ipinagpatuloy ng gobyernong Aquino ang pagpapatupad ng *wage rationalization* (1989) na siyang nagtanggal sa pambansang minimum na sahod. Tinatayang mayroong mahigit sa 1,000 antas ng pasahod (wage levels) sa bansa, patunay ng kawalan ng pambansang minimum na sahod. Ang resulta nito ay pagdausdos ng halaga ng sahod laluna na sa mga rehiyon at sektor kung saan mas mababa ang *wage level*. Batay sa pagtataya ng Ibon Foundation, ang tunay na halaga (*real wage*) ng P481 minimum na sahod sa NCR kung ibabatay sa halaga nito noong 2010 ay tumaas lamang ng P17. At ayon sa kompyutasyon ng gobyerno, ang tunay na halaga ng sahod ngayong 2016 ay mas mababa pa sa nominal na sahod noong 2006 sa halos lahat ng rehiyon (Table 1A).

Gaya ng pagtanggi ng mga kapitalista sa panawagang P125-across the board, ipinagkait ng gobyernong Aquino ang makabuluhang dagdag sahod sa mga manggagawa. Ang pagbibigay umano ng signipikanteng dagdag sahod ay magreresulta sa mas mataas na halaga ng bilihin (*inflationary*) at kawalan ng trabaho. Subalit ipinapakita ng pag-aaral ng Ibon Foundation (2011) na kayang ibigay ang 125 across-the-board batay sa laki ng tubo at kita ng mga korporasyon. Sa kanilang pag-aaral, lumabas na mababawasan lamang ng 15% o kabuuang P135.6 bilyon ang tubo ng mga kumpanyang umaabot sa P895.2 kung ibibigay ang hinihinging P125 dagdag-sahod.

**Tsart 3: Real wages 2016 at Nominal Wages in 2006 (2006=100)**




Dahil sa todo-todong pambabarat sa sahod ng mga manggagawa, hindi nakapagtatakang lalong lumayo ang minimum na sahod sa *family living wage (FLW)*. Noong 2009, ang agwat ng sahod (*wage gap*) ng minimum na sahod sa FLW ay P535 lamang. Tumaas ito ng halos 14% at sa kasalukuyan ay umabot na sa P608. Ibig sabihin, ang isang pamilyang kumikita lamang ng minimum na sahod ay kailangang kumita ng P608 kada araw upang mapunan ang batayang mga pangagailangan.

Sa pagkakandarapa ang gobyernong Aquino na makapanghikayat ng dayuhang mamumuhunan, itinulak nito ang mga manggagawang Pilipino sa bangin ng mas matinding pagsasamantala at kahirapan. Noong 2012, inilabas ng DOLE ang bagong *guidelines* nito hinggil sa pagpapatupad ng *two-tiered wage system* o 2TWS. Tulad ng isinasaad ng pangalang nito, ang 2TWS ay tumutukoy sa dalawang antas ng pasahod: ang *floor wage* bilang unang antas at ang *productivity-based wage* bilang ikalawang antas. Sa iskemang ito, mayor na binabago ang salalayan ng kompyutasyon ng sahod ng manggagawa. Kung dati, ang minimum na sahod ay nakabatay sa nakabubuhay na sahod (*living wage*), ang *floor wage* sa 2TWS ay nakabatay na sa *poverty threshold* na sadyang napakababa na aabot lamang sa P46 kada araw. Kung kaya't hindi nakapagtatakang ang 2TWS ay magresulta sa pagbabawas ng sahod o *wage cut*. Sa rehiyon IV-A (CALABARZON) halimbawa, kung saan unang inilabas ang kompyutasyon ng 2TWS, ang bagong itinakdang *floor wage* ay P255 lamang, mas mababa ng halos 25% sa minimum na sahod sa rehiyon na P337. Samantala, ang *productivity-based wage* ng 2-TWS ay boluntaryo lamang at hindi maaasahang ibibigay ng mga

**Table 1: Nominal wages, FLW and Wage Gap (2009 vs 2016)**

| | 2009 | 2015 |
|---|---|---|
| Halaga ng Sahod (NCR) | P 382 | P 481 |
| Family Living Wage (Ibon) | P 917 | P 1,089 |
| Wage Gap | P 535 | P 608 |

kapitalista. Sa halip, itinutulak ang *productivity-based wage* ang matinding kompetisyon sa pagitan ng mga manggagawa sa loob ng isang empresa at nagreresulta sa mas matinding pagsasamantala sa mga manggagawa.

## Walang dagdag sahod sa mga kawani ng gobyerno

Halos walang natikmang umento sa sahod ang mga kawani ng gobyerno sa loob ng anim na taon ng panunugkulan ni Aquino. Ipinatupad lamang nito ang SSL 3 na matagal nang inaprubahan ng nakaraang administrasyon at nitong huling buwan ng 2015 ay inapubrahan ang SSL 4 na ipapatupad sa loob ng 4 na taon. Sa kabila ng mariing pagkondena ng mga kawani sa SSL bilang "di makatarungan" dahil sa malayong agwat sa antas ng pasahod na nililikha nito sa pagitan ng mga Salary Grades (SG), ipinagpatuloy ng gobyernong Aquino ang SSL at kamakailan lamang ay inaprubahan ang SSL 4. Tulad ng mga nakaraang SSL, lalong pinalalawig ng SSL 4 ang agwat sa sahod ng mga nasa mababang SG kumpara sa may mataas na salary grade. Sa paghahambing ni Ferdinand Gaite, tagapangulo ng Confederation for Unity, Recognition and Advance of Government Employees, sa ilalim ng SSL 4, tila binigyan lamang ang mga nasa pinakamababang SG ng P20 na umento kada araw, samantalang, P2,000 kada araw naman para sa Pangulo at iba pang tulad niyang nasa pinakamataas na SG (Perdez, 2010). Ang mga kawaning sumasahod ng minimum na P9,000 kada buwan sa kasalukuyan, sa ilalim ng SSL 4 ay makatatanggap ng 16,000 ngunit matatapos ang pagpapatupad nito sa taong 2020. Ang may pinakamataas na SG na sa SSL3 ay kumikita ng P120,000 ay tatanggap ng P399,000 na sahod kada buwan pagtapos ng apat na taon sa ilalim ng SSL4.

## Pagbebenta ng mura, bata at pasibong manggagawa

Liban sa barat na sahod at pleksibilisasyon ng paggawa, ginawang sistematiko at pangmatagalan ng gobyernong Aquino ang paghulma sa mga Pilipino bilang balon ng murang lakas paggawa sa para pandaigdigang pamilihan. Kasama rito ang pagbuhos ng malaking rekurso para sa pagpapatapos ng maraming kabataang manggagawa ng mga *technical-*

*vocational courses* sa pamamagitan ng TESDA at ang pagpapatupad mismo ng K to 12 program.


Sa panghihikayat ng dayuhang mamumuhunan sa mga industriyang tinaguriang *sunshine industries* kasama ang mga nabanggit sa itaas, pangunahing inilalako pa rin ng gobyernong Aquino ang mura (ngunit skilled), bata at pasibong lakas paggawa. Sa *Business Process Outsourcing* halimbawa, ang sahod na tinatanggap ng mga *call center agents* sa mga *outsourcing countries* ay 10 beses na mas mataas kaysa sa sinasahod ng mga *call center agents* sa Pilipinas. Kalakhan kundi man lahat ng mga kumpanya ng *electronics* ay matatagpuan sa mga *economic zones* sa labas ng Metro Manila kung saan mas mababa ang minimum na sahod.

### Diskriminasyon at pagsasamantala sa kababaihan at batang manggagawa

Sadlak pa rin sa kahirapan ang kalakhan ng mga manggagawang kababaihan. Nanatiling mas bulnerable ang mga kababaihang manggagawa dahil mas mababa pa rin ang tantos ng kababaihang lumalahok sa paggawa. Ayon sa 2015 *Gender Labor Statistics* ng BLES, mababa pa rin ang partisipasyon sa paggawa o *labor participation* ng mga kababaihan (50.7%) kumpara sa mga kalalakihan (78.6%). May ilang mga industriya kung saan mas mababa pa rin ang abereyds na sahod ng kababaihan. Sa sektor ng serbisyo kung saan nakakonsentra ang 70% ng mga kababaihang may trabaho, mas mababa ng 6.5% ang abereyds na sahod na tinatanggap ng mga babaeng manggagawa kaysa mga lalaki. Mataas rin ang bahagdan ng babaeng manggagawa sa ilang mga uri ng trabahong nag-eempleyo ng mas maraming kababaihan sa pagiging mas pleksible, impormal at prekaryoso. Anim sa sampung *unpaid family worker* ay babae. Sa sektor ng serbisyo, anim sa sampung manggagawa sa *wholesale and retail* at *food and accommodation services* ang babae samantala 7 sa 10 manggagawa naman ang babae sa *other service activies*.

Sa mga industriyang itinaguyod ng gobyernong Aquino, kapansin-pansin ang diskriminasyon sa kababaihang manggagawa. Karamihan sa mga industriyang ito ay mas pinipili o mas nangangailangan ng lalake kaysa babaeng manggagawa. Sa konstruksyon halimbawa, napakaliit ng oportunidad ng kababaihang manggagawa, aabot lamang sa 6.5% ng kabuuang bilang ng empleyado (2011/2012) sa naturang industriya ang kababaihan. Sa *mining and quarrying*, may 10% lamang ng buong bilang ng may trabaho ang babae samantala 79.1% porsyento ng mga empresa ang

**Tsart 4: Kababaihang Manggagawa sa mga Sunshine Industries sa Ilalim ni Aquino**




mas pinipili ang lalakeng manggagawa.

Ayon sa Migrante International, sa ilalim ni P-Noy, mas maraming kababaihan ang napilitang mangibang bansa. Ang mga kababaihang OFWs ay bumubuo sa mahigit kalahati o 50.43% ng kabuuang bilang (11.7M noong katapusan ng 2014) ng mga OFWs sa buong mundo. Isa sa mga balitang tumampok ay ang kaso ni Mary Jane Veloso, ang Pilipinang OFW na muntik nang bitayin sa Indonesia dahil sa bintang ng *drug trafficking*. Binigyang mukha ni Mary Jane ang matagal nang kalunus-lunos na kalagayan ng mga kababayan natin sa ibang bansa, lalo na ng mga kababaihang OFW. Sa kaso rin ni Mary Jane, lumantad ang kainutilan ng gobyerno sa pagtugon sa mga suliranin ng mga migranteng Pilipino. Talaga namang napaka-bulnerable ng mga kababaihang migrante sa iba't ibang porma ng pagsasamantala – *human trafficking, drug trafficking, sexual harassment,* diskriminasyon at pandarahas. Ayon sa tala ng Migrante International noong 2014, dumami ang mga kababaihang OFWs na naging biktima ng iba't ibang porma ng pagsasamantala. Sa 174 na kaso ng repatriation na hinawakan nila, 138 o halos 80% nito ay kababaihan. Sa kabila ng lahat ng ito, patuloy pa rin ang pagtataguyod ng gobyerno ng *labor export policy*.

Dito man mismo sa sarili nating bansa ay di ligtas ang mga kababaihan sa kapahamakan. Ilang trahedya ang naganap sa lugar ng trabaho na kumitil sa buhay ng mga manggagawa. Marami sa kanila ay mga babae. Di natin malilimutan ang trahedya sa Kentex Factory noong Mayo 2015 kung saan natupok ng apoy ang higit sa 74 manggagawa, mayorya dito (45) ay mga kababaihan. Nariyan din ang ibang trahedya tulad ng 8 namatay na babaeng

manggagawa sa sunog sa Asia Micro Tech sa Pasay noong 2014, at ang 17 babaeng manggagawa sa Novo Jeans sa Butuan noong 2012.

Lalong ipinain ng gobyernong Aquino ang mga kababaihang manggagawa sa mga *health hazards* at matinding pagsasamantala nang tanggalin nito ang batas na "*night work prohibition*" para sa mga kababaihan. *Discriminatory* umano ang naturang batas pero sa katunayan, tinatanggal nito ang proteksyon sa mga kababaihang manggagawa mula sa panganib sa kalusugan ng mga kababaihan dulot ng pagtatrabaho sa gabi. Sa halip, pangunahing tinataguyod ng *night work* ang mas pleksibleng mga kondisyon sa paggawa kahit pa may masamang dulot ito sa kalusugan, lalo na sa mga kababaihang nagdadalantao at nagpapasuso. Sa kabilang banda, ang mahahalagang batas na tunay na nagsusulong ng kapakanan ng mga kababaihang manggagawa ay hindi pa rin naipapasa. Kabilang dito ang pagpapahaba ng *maternity leave*. Sa kasalukuyan ay 60-78 na araw lamang ang pinapahintulutang *maternity leave*, malayo sa itinakda ng ILO na dapat ay di bababa sa 98 na araw.

### Laganap pa rin ang batang manggagawa

Bunsod ng malalang kalagayan at mahirap na kabuhayan para sa pamilyang Pilipino, nagpatuloy ang pag-iral ng *child labor* sa bansa. Ayon sa ILO, tinatayang 5.5 milyon pa ring kabataan ang maituturing na batang manggagawa at 3.9 milyon dito ang makikita sa pinakamalalang porma ng paggawa ng bata at nasa mapanganib na hanapbuhay. Kasama sa mga pinakamalalang porma ng *child labor* ang mga batang manggagawa sa mga plantasyon at minahan. Sa isinagawang pag-aaral ng CTUHR sa mga plantasyon ng oil palm sa CARAGA sa Mindanao, lumalabas na 1 sa bawat 4 na manggagawa sa mga plantasyong ito ay  maituturing na bata. Matindi ang pagsasamantala sa mga batang manggagawa dahil mas mababa ang kanilang sinasahod kaysa sa mga manggagawang nasa tamang edad. Sila rin ay humaharap sa higit na panganib sa kanilang kalusugan, dahil sa murang edad at batang pangangatawan pa lamang ay gumagampan na sila ng gawaing mabibigat tulad ng pagiging minero o taga-buhat (*hauler*) ng mga ani (tubo, saging o *palm fruit bunch*) at nalalantad sa mga mapanganib na kemikal.

Hindi rin sila ligtas sa karahasan at militarisasyon. Noong Enero, isang 14 na taong batang minero ang nasugatan dahil sa walang habas na pamamaril ng mga elemento ng 46$^{th}$ IB at 10$^{th}$ ID sa Pantukan, Compostela Valley. Layunin ng operasyong militar na bigyang daan pagpasok ng malalaking kumpanya ng pagmimina, ang National Development Corporation (NADECOR), sa lugar.

## **Higit pang pagpiga at pambubusabos sa manggagawa**

Imbes na gumawa ng mga paraan para maibsan ang kahirapan ng mamamayan, ibayo pang pinatindi ng administrasyong Aquino ang pambubusabos sa mamamayan sa pamamagitan ng pagkait sa mga serbisyong panlipunan. Sa pamamagitan ng PPP, ang mga serbisyong pampubliko tulad ng MRT-LRT, mga ospital at tollway ay pilit na ipinapasa sa pribadong sektor para sa sariling kapakinabangan ng mga negosyante, habang patuloy na ginagatasan at lalong pinahihirapan ang mamamayan.

Sa usapin ng transportasyon, nariyan ang problemadong sistema ng mga tren sa bansa. Noong nakaraang taon ay ipinatupad na ang 50-87% na pagtaas ng singil sa pasahe ng LRT at MRT. Ito ay sa kabila ng kaliwa't kanang problema sa pagmimintine ng tren. Ang resulta, kadusta-dustang kalagayan para mga ordinaryong mananakay: nariyan ang mahahabang pila, siksikang mga bagon, madalas na pagkasira ng riles o di kaya ay pagtirik ng tren.

Ang pagtaas na ito ay dagdag insulto at pasakit sa mga mananakay, karamihan ay galing sa uring manggagawa na patong-patong nang kahirapan ang pinapasan. Matagal nang napako ang pangakong kasabay ng pagtataas ng singil sa pasahe ay ang pagpapabuti sa kondisyon ng LRT at MRT. Mas tumindi pa nga ang mga problema nito. Ito ay sa kadahilanang, isang panakip butas lang ang sabihing para sa pagmimintine at pagpapabuti (*maintenance and improvement)* ang makokolektang kita mula sa pagtataas ng singil. Ang totoo ay pambayad lamang ito sa MRT Corporation para sa kasunduan nito sa gobyerno na tiyakin ang 15% *return of investment* ng kumpanya. Dagdag pa, bago pa man maayos ang mga problema ang tren, muling nagdagdag ng bayarin ang MRT sa mga pasahero sa porma ng *beep card o* ang *Automated Fare Collection System.* Si bagong sistemang ito, ang P120 na beep card ay mayroon lamang P100 na laman.

Malaking usapin din ang Social Security System (SSS) pension noong huling bahagi ng 2015 hanggang kasalukuyan. Ang SSS ay isang institusyon na itinalaga ng gobyerno upang pangalagaan ang seguridad ng mga manggagawa sa pribadong sektor at mga *self-employed*. Ngunit matagal nang di nagagampanan nang mahusay ng SSS ang tungkuling ito. Ilang taon nang nakapako sa napakababang halaga ng pension. Ang karaniwang pensioner ay tumatanggap lamang ng P1,200 hanggang P3,000 na pensyon kada buwan. Sa halip na dagdagan ang nakukuhang pension ay tinaasan pa ng SSS ang sinisingil na kontribusyon. Noong 2014 ay ipinatupad ang *SSS premium hike* o ang pagtataas ng kontribusyon ng mga miyembro mula 10.4% patungong 11% para diumano ay pahabain ang buhay ng pondo ng ahensya hanggang

2049. Dagdag pahirap ito sa mga manggagawang napakababa na nga ng sahod, napakaraming kinakaltas, ngunit hindi naman nararamdaman ang serbisyo ng gobyerno.

Nitong simula lamang ng 2016 ay ibinasura ni Aquino ang batas na ipinasa ng Kongreso na nagbibigay ng dagdag na P2,000 sa pensyon. Ang sinasabing dahilan ng Malacanang at SSS ay malulugi umano ang SSS kapag ibinigay ang pagtaas na ito sa mga pensioner. Subalit malinaw sa magkakahiwalay na mga pag-aaral ng Ibon Foundation, Bayan Muna at Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) na may kakayahan ang SSS na itaas ang pension lalo na kung pagbubutihin nito ang pangongolekta ng mga kontribusyon ng mga manggagawa mula sa mga kumpanya. Maraming kumpanya ang nagkakaltas ng kontribusyon sa SSS mula sa sahod ng mga manggagawa pero hindi ito ibinabayad mismo sa SSS. Dagdag insulto rin sa mamamayan ang milyon-milyong sahod at bonus na tinatanggap ng mga opisyal ng SSS.

Sadyang piniga ng gobyernong Aquino ang mga manggagawa at kawani ng gobyerno sa patuloy na paniningil ng mataas na buwis sa sahod at mga batayang bilihin. Humigit-kumulang sa 30% ng sahod ang halaga ng buwis na kinakaltas mula sa mga walang asawa (*single*) at walang *dependents* na manggagawa at kawani ng gobyerno. Bukod pa ito sa 12% na *value added tax* na nakapatong sa halos lahat ng batayang komoditi at utilidad (tulad ng tubig, kuryent at langis). Sa kabilang banda, ang mga kumpanya sa loob ng mga *economic zones*, ay nagtatamasa ng hanggang walong taong *tax holiday* (o libre pagbabayad mula sa buwis) at eksempsyon sa pagbabayad ng E-VAT.

## Puno ng demolisyon at disaster

Tila hinila rin ng Daang Matuwid ang mga delubyo na lalo pang nagpapalala sa kahirapan ng mamamayan. Mula sa pagkawasak ng mga bahay at negosyo bunga ng ginawang pagkubkob ng sundalo at militar sa Zamboanga City laban sa MNLF, marami ring namatay na mga inosenteng sibilyan. Nasundan pa ito ng libo-libong nawalan ng tahanan, kabuhayan at buhay bunga ng bagyong Pablo at Sendong sa Mindanao noong 2011, lindol sa Bohol noong 2013 at ang pinakamalakas na bagyo sa kasaysayan, ang bagyong Yolanda noong 2013 at ang Ruby noong 2014. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin nakakabangon ang mga biktima ng kalamidad na ito sa kabila ng bilyong pisong tulong mula sa ibat-ibang panig ng mundo, at bilyong piso raw na ginugol ng gobyernong sa mga probinsyang direktang tinamaan tulad ng Leyte at Samar. Samantalang

nagugutom ang mga biktima, hinayaan ng gobyernong mabulok ang sako-sakong bigas at iba pang relief goods sa Leyte.

Sa mga sentrong lungsod at bayan naman, binansagang "Demolition King" ng mga samahan ng mga maralitang lungsod si Pangulong Aquino sa maagang bahagi pa lamang ng kanyang termino. Ito ay dahil sa sunud-sunod na mga demolisyon at sapilitang pagpapalayas sa iba't ibang panig ng bansa. Sa datos ng CTUHR, tinatayang 25,000 na pamilya o 150,000 indibidwal ang naapektuhan ng mga demolisyon sa ilalim ni Aquino. Ang karaniwang mga dahilan ng sapilitang pagpapalayas sa mga maralita sa kanilang mga tahanan at hanapbuhay ay ang biglaang pagsulpot ng mga pribadong may-ari ng mga lupain, paglilinis ng mga komunidad sa mga *danger zones* at ang pinakamadalas na dahilan ay ang pagbibigay daan sa mga proyektong pangkaunlaran sa ilalim ng *Public-Private Partnership Program* ni Aquino. Sinasangkalan ang buhay ng mga maralita sa ngalan ng tubo ng malalaking korporasyon gaya ng SM, Ayala, Robinson's at iba pa.

Noong 2011, nagsimulang maglabas ang gobyerno ng P10 bilyon kada taon bilang *Informal Settler Fund* (ISF) para sa *in-city housing* ng mga nakatira sa tabing-estero sa Metro Manila. Pero batay sa datos ng TF Relocatees, sa 49,640 housing units na naitayo ng NHA, 3,318 lamang dito ang matatagpuan sa in-city relocation site sa loob ng Metro Manila. Ang kalakhan ay ipinapatapon nila sa mga relokasyon sa mga probinsya kung saan walang hanapbuhay, malayo sa mga serbisyong panlipunan at minsan pa nga'y mas mapanganib pa kaysa sa pinanggalingan nilang mga lugar. Bulnerable sa korapsyon ang ISF na ito lalo pa't kapansin-pansin ang mababang kalidad ng mga pabahay ng NHA.

Maliban sa kawalan ng kabuhayan sa mga *relocation site*, malaking usapin din ang seguridad at kaligtasan ng mga residente mula sa sakuna. Ika nga ng mga relocatees, mula sa *danger zone* ay inilipat sila sa *death zone*. May mga ulat mula sa relocatees sa Rizal hinggil sa pagkawasak ng kanilang mga tahanan dahil sa mababang kalidad ng mga materyales. Ang ilan naman ay nakatirik sa lupang saklaw ng *West Valley Fault* na nasa malaking panganib sa pinangangambahang lindol. Mayroon namang ilang relocation sites na nakaranas ng matinding pagbabaha gaya ng Kasiglahan Village sa Rodriguez Rizal.

Marahas ang mga demolisyon sa ilalim ni Aquino. Ang pinakamarahas marahil ay ang mga demolisyon sa Sitio San Roque sa Quezon City, Silverio Compound sa Paranaque, Corazon de Jesus sa San Juan, Road 10 sa Tondo Maynila, at Laperal Compound sa Makati. Sistematiko rin ang panunupil

sa mga paglaban ng mamamayan. Mula 2010 hanggang 2015, 16 na lider maralita ang pinaslang, 7 rito ang pinaslang sa gitna mismo ng barikada ng mamamayan laban sa demolisyon. Isa sa mga pinaslang ay si Arnel Leonor, 21 anyos, kasama sa barikada laban sa demolisyon sa Silverio Compound sa Paranaque. Si Ka Erning Gulfo naman, isang lider maralita sa Catmon, Malabon ay binaril ng 3 beses ng isang di kilalang lalaki noong 2012. Ito ay sa gitna ng paglaban ng mga residente sa sapilitang pagpapalayas sa kanila. Ang pinakahuling biktima naman ng extrajudicial killing ay si Benilda Santos na binaril ng hinihinalang village guard noong 2015. Siya ay lider ng KADAMAY sa Commonwealth, Quezon City kung saan may usapin ng pang-aagaw ng lupa.

Hindi lamang mga tirahan ng mga maralita ang winasak ng administrasyong Aquino. Bunsod pa rin ng mga proyektong pangkaunlaran, pati kabuhayan ng mga mamamayan ay winasak din. Nitong 2015, sunud-sunod ang mga tangkang demolisyon sa mga pampublikong pamilihan lalo na sa Maynila at Quezon City. Sa Maynila, sa ilalim ng *Manila City Ordinance 8346 o Manila Joint Venture Ordinance*, inilalako ng local government unit (LGU) ang mga pampublikong pamilihan gaya ng mga highway, pier, pabahay, land reclamation projects, paaralan, palengke at mga ospital para sa joint venture sa mga pribadong institusyon. 7 sa 17 *public markets* sa Maynila ang target isapribado. Nauna na nga ang Quinta Market sa Quiapo. Sa kabila ng mariing pagtutol at paglaban ng mga manininda ay tinuloy pa rin ang demolisyon. Ang Balintawak o Cloverleaf Market naman sa Quezon City ay binigyan na ng closure order, dahil sa di umano'y di pagsunod sa *environmental and sanitary standards*. Pero sa likod nito ay nais bigyang daan ang Ayala Cloverleaf Project na may inisyal na ipinuhunan na P15 bilyon. Mayroon ding apektadong mga kabahayan sa Balintawak dulot ng proyektong ito.

Mayroong ding mga serye ng demolisyon sa mga probinsya gaya ng Nueva Ecija, Batangas, Cavite at Tarlac. Sa Brgy. Laiya Aplaya sa San Juan, Batangas, halos 300 pamilya ang nawalan ng tirahan ng wasakin ang mga kabahayan nila noong 2014. Sa Brgy. Zapote III, Cavite naman ay marahas na winasak ng mga tauhan ng DMCI ang kabahayan ng halos 100 pamilya. Nitong Pebrero 16, 2016, 150 kabahayan na tirahan ng 283 indibidwal sa Sitio Sta Cruz, Brgy Capitol Site, Cebu City, isang public land, ayon sa mga residente ang tinangkang gibain sa utos ng mayor para sa pribadong gamit (Sunstar, Peb. 2016).

Noong 2015, may 900 pamilya ang nawalan ng tirahan matapos i-demolish ang kanilang mga kabahayan sa Road 10, Navotas City. Ito ay upang bigyang-

daan ang road-widening project na bahagi ng *North Bay Boulevard Business Project* sa ilalim pa rin ng PPP ni Aquino. May 300 pamilya naman ang apektado sa demolisyon sa Calaanan Compund sa Caloocan. Ang kanilang lupa ay inangkin ng isang businessman na si Antonio Yao.

## Kahirapan ng marami, paglago ng iilan

Sa loob ng anim na taon, malinaw na ang paglago ng ekonomya ng Pilipinas ay nakinabang lamang sa iilang mayayaman habang ang napakaraming Pilipino ang patuloy na nasadlak sa paghihikahos. Kahit ibinaba ng gobyernong Aquino ang *poverty threshold* mula P52 pababa sa P46—patunay kung paano sinagad ng gobyernong Aquino ang kahirapan ng mamamayan—nanatiling mataas ang *poverty rate* na nasa 25.8% sa taong 2014, mas mataas sa 24.6% noong 2013. Sa isinagawa namang sarbey ng Ibon, aabot sa 67% ng mga Pilipino ang mahirap.

Bigo ang programang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) na pataasin ang kabuhayan ng mahihirap. Ito ay sa kabila ng bilyong-bilyong pisong inilaan ng gobyernong Aquino sa programang ito. Sa halip, naging instrumento lamang ang 4Ps upang kontrolin ang mga mahihirap dahil sa tendensiyang magamit ito ng mga lokal na pulitiko o di kaya ay para pigilan ang mga mahihirap na lumahok sa mga progresibong organisasyon at sa mga pagkilos. Binabalot rin ng anomalya ang bilyon-bilyong pisong pondo ng 4Ps. Isang malaking tanong rin kung saan napupunta ang malaking bahagi ng pondo ng 4Ps. Sa isang pagsusuri, lumalabas na ang kabuuang halagang naipamahagi ay bumaba mula sa P20.9 bilyon noong 2013 tungo P14.4 bilyon noong 2014 o 31.2% lamang ng kabuuang badyet na umabot sa mahigit na P50 bilyon (Diokno, 2015).

Sa isang pag-aaral ng Center for Women Resources, lumalabas ring malaki ang naging pakinabang ng micro-finance program ng BPI BanKo, sa pakikipagtulungan nito sa DSWD para bigyan ng *financial literacy training* ang mga benepisyaryo ng 4Ps. Pagkatapos ng training ay binebentahan sila ng mga Globe simcard sa halagang P100 bilang panimula ng kanilang BPI BanKo account. Bukod pa rito, nagpapautang rin ang BPI BanKo sa mga benipisyaryo ng P2,000 halaga ng mga produkto (ng mga multinasyunal na kumpanya, P&G, Unilever at Nestle) para sa pagtatayo ng sari-sari store (Umil, 2016).

Ang mga proyekto sa ilalim ng PPP ay pumabor sa mga dayuhan at malalaking lokal na negosyante laluna ang mga malalapit sa gobyernong Aquino. Bukod sa pagtitiyak ng kita ng mga negosyo sa pamamagitan ng *sovereign guarantee*, halos

walang inilalabas na puhunan ang mga negosyante sa pagpasok nila sa mga PPP sa halip ay nangungutang ang mga negosyo sa bangko mismo ng gobyerno, tulad ng pag-utang ng Megawide para sa modernisasyon ng Philippine Orthopedic Center, o di kaya ay malaking subsidyo ang inilalaan ng gobyerno, tulad ng maintenance operations ng MRT 3.

Nakinabang nang husto ang mga malalaking negosyante at dayuhang mamumuhunan at korporasyon sa panunungkulan ni Aquino. Lumago ang tubo at yaman ng mga pinkamayayamang tao at mga korporasyon sa bansa. Sa tala ng Ibon Foundation, halos 3 beses ang paglago ng yaman ng 40 pinakamayayamang Pilipino mula P1.3 trilyon noong 2010 pataas sa P3.2 trilyon noong 2015. Tumaas din ng humigit kumulang sa 50% ang pangkalahatang kita ng 100 pinakamalalaking kumpanya sa bansa mula P5.3 trilyon noong 2010 pataas sa P8.7 trilyon noong 2014.

Lalong lumayo ang agwat ng mahihirap sa mayayaman sa bansa. Ang kabuuang yaman na P2.2 trilyon ng 10 pinakamayayamang Pilipino ay katumbas ng pinagsamang yaman ng 15 milyong pinakamahihirap sa Pilipino sa isang buong taon (Ibon, 2016). Sa isang pag-aaral din ng Asian Institute of Management (AIM), lumabas na 0.1% o 21,700 lamang ng mga pamilyang Pilipino (households) ang maituturing na upperclass o may taunang kita na P700,000 pataas, samantalang ang 99.9% ay pawang middle class o mga low-income classes (Tadem, 2016).

## Kamatayan at mas masahol na kondisyon sa paggawa, walang pananagutang pamamayagpag ng kapital

Ang ligtas at makataong kalagayan sa paggawa ay batayang karapatan at alinsunod sa Saligang Batas. Sa loob ng halos anim na taon, ang dati nang malalang sitwasyon ay pinalubha pa ng mga batas at patakaran sa paggawa habang mas pinalalakas ang kapangyarihan ng mga kapitalistang magnegosyo ayon sa naisin nila.

Ipinagpatuloy ng gobyernong Aquino ang DOLE DO 57-04 na isinabatas ng gobyernong Arroyo. Sa ilalim ng DOLE DO 57-04, ipinauubaya sa mga kumpanyang may 200 manggagawa pataas na magsagawa ng *self- inspection* sa kalagayan ng kalusugan at kaligtasan sa paggawa (*occupational health and safety*, *OHS*) . Ibig sabihin, hindi obligado ang DOLE na siyasatin ang mga kumpanyang ito kung sumusunod sa batas o hindi. Subalit, tulak na rin ng mga protesta laban sa sunod-sunod na kaso ng pagkamatay, ibinasura ng DOLE ang DO 57-04 at pinalitan ng DO 131-13 noong 2013 kung saan ginawang boluntaryo ang pagsunod sa pangkalahatang pamantayan sa paggawa at sa

# ANIM NA TAON NG PANANA
# DAANG MATUWID SA MANGGAGAW

## KRISIS SA TRABAHO

### 692,000

kada taon ang nalikhang trabaho ng gobyernong Aquino mula 2010 – 2015, mas mababa kaysa sa taunang abereyds ng 732,000 na trabahong nalikha kada taon mula 2001-2009.

### Job facilitation

ang naging tugon ng gobyerno sa problema sa kawalan ng trabaho. Nagmistulang manpower agency ang gobyerno sa pabebenta ng murang lakas paggawa sa bansa.

### 4.3 milyong Pilipino

ang tinatayang walang trabaho (Ibon)

### 7 sa 10 may trabaho

ang may prekaryosong hanapbuay: hindi regular, self-employed o unpaid family worker

### Sa 20 may trabaho, 6 ang nasa sektor ng agrikultura, 3 sa industriya, 11 sa serbisyo

patunay na papaliit ang hanapbuhay at papadausdos ang produktibong sektor.

### DOLE DO 18-A series of 2011

pinagtibay at lalong ginawang lehitimo ang job contracting at kontraktwalisasyon.

### 5,021 OFWs kada araw

ang lumalabas ng bansa upang magtrabaho (2014)

# LANTA NG WANG PILIPINO.

## BINARAT NA SAHOD

Mahigit **1,000 ang wage levels** sa bansa

**P17 lamang** ang naidagdag na real wage sa NCR

**44% lamang ng P1,089** na family living wage ang halaga ng minimum wage sa NCR

**TWO-TIER WAGE SYSTEM**

bagong sistema ng pasahod na inilabas ng DOLE. May dalawang antas ng pasahod ang TTWS, ang **floor wage at productivity wage.** Subalit tanging floor wage, na nakabatay sa poverty threshold, ang mandatory.

## DISKRIMINASYON AT PAGSASAMANATALA SA KABABAIHANG MANGGAGAWA

**6 SA 10 BABAE** lamang ang kabilang sa lakas paggawa

**Sa bawat 3 babaeng may trabaho,** 1 ang laborer and unskilled worker

Sa bawat 10 babaeng **OFW, 5 ay laborer and unskilled worker at 2 ang service workers**

P168.33, average na sahod ng babaeng laborer at unskilled worker, **mas mababa ng 26.9%** kaysa sa average na sahod ng lalakeng laborer and unskilled worker

**50.43% ng 11.7M OFWs** sa buong mundo ang babae

**MARY JANE VELOSO**, OFW na nasa death row pa rin ng Indonesia pagkatapos maging biktima ng drug at human trafficking

## BATANG MANGGAGAWA (CHILD LABOR)

**5.5 milyon** ang bilang ng batang mangggagawa sa bansa, 3.9 milyon dito ang nasa pinakamalalang porma ng paggawa ng bata (worst form of child labor).

**1 sa bawat 4 na manggagawa** sa oil palm plantation sa Mindanao ang child laborer (CTUHR, 2012)

## MALAWAK NA KAHIRAPAN AT PAGLAGO NG IILAN

**25,000 pamilya o 150,000** na indibidwal ang biktima ng demolisyon sa loob ng anim na taon (CTUHR monitoring)

**50 to 87%** na pagtaas sa pasahe sa MRT at LRT sa kabila ng bulok na serbisyo.

Itinaas ang SSS contribution **mula 10.4% tungong 11%** samantalang ayaw ibigay ang P2,000 pension hike

**24% ng mamamayang Pilipino** ang maituturing na mahirap

P2.2 T =

Ang kabuuang yaman na **P2.2 trilyon ng 10 pinakamayayamang Pilipino** ay katumbas ng pinagsamang kita ng **15 milyong pinakamahihirap** sa Pilipino sa isang buong taon (Ibon, 2016).

x 3

halos **3 beses ang paglaki** ng yaman ng **40 pinakamayayamang Pilipino** mula P1.3 trilyon noong 2010 pataas sa P3.2 trilyon noong 2015

## KAMATAYAN SA LUGAR PAGGAWA

**DOLE DO 131-13,** ipinalit ng **DOLE DO 57-14** kung saan ginawang boluntaryo ang pagsunod sa pangkalahatang pamantayan sa paggawa at sa OHS sa pamamagitan ng voluntary compliance to general labor standards and OSH sa pamamagitan ng tripartite mechanisms.

**228 na manggagawa** ang nasawi sa 38 kaso ng aksidente sa lugar paggawa.

# KOMPREHENSIBONG ATAKE SA UNYON AT KARAPATAN NG MANGGAGAWA

**726 na kaso** ng paglabag sa karapatan ng manggagawa sa ilalim ni Aquino ang naitala, kung saan libo-libong manggagawa ang apektado

**26 na unyonista at lider maralita** ang biktima ng extra-judicial killings

**288 lider at organisador ng manggagawa** ang sinampahan ng kaso, ng pulis, militar at mga kapitalista

**14, 725 na manggagawa ang nawalan ng trabaho sa 35 kaso ng tanggalan at pagsasara** mula noong pangalawang hati ng 2010 hanggang Marso 2016. Outsourcing at pagbuwag sa unyon ang kadalasang dahilan ng pagsasara at pagtatanggal sa trabaho.

**887 ang biktima ng 88 kaso ng harassment,** threat at intimidation laban sa mga manggagawa at maralita.

**44 kaso ng union busting,** kung saan **11,716 manggagawa** ang apektado

**1 sa bawat 12 sahurang manggagawa** o katumbas lamang ng 1.96 milyon sa 22.2 milyong sahurang manggagawa ang may unyon

**1 sa bawat 10 may unyon** o katumbas ng 206,927 na manggagawa ang nakapaloob sa collective bargaining agreement (2015)

**Oplan Bayanihan**

ang kontra-insurhensyang patakaran ni Aquino na siyang dahilan ng mga mayor na paglabag sa karapatang pantao ng manggagawa at mamamayan tulad ng militarisasyon, extra-judicial killings, harassment, pagsasampa ng gawa-gawang kaso atbp.

**Table 3: Major Incidents of Workplace deaths: 2011-2015**

| PETSA | COMPANY / INDUSTRY | LUGAR | BLG. NG BIKTIMA | DAHILAN |
|---|---|---|---|---|
| 17 Jul 2015 & 13 Feb 2013 | Semirara Mining Corporation-DMCI (Mining) | Semirara Island, Antique | 9 (2015)<br>5 (2013) | A portion of mine site collapsed |
| 13 May 2015 | Kentex Manufacturing Inc. (Manufacturing) | Valenzuela City | 74 | Fire |
| 4 Feb 2015 | Fort Bonifacio Development Corp. (Construction) | Taguig City | 2 | Building collapse |
| 19 Jan 2015 | Hoclim Co Construction Corporation (Construction) | Guiguinto, Bulacan | 12 | Warehouse wall collapsed |
| 20 Apr 2014 | Asia Microtech (Retail) | Pasay City | 8 | Fire |
| 3 Feb 2013 | SPC Power Corporation-San Miguel (Power) | Pililia, Rizal | 5 | Collapsed of scaffolding |
| 30 Aug. 2012 | Subic Keppel Shipyard (Construction/Shipping) | Subic, Zambales | 6 | Collapsed of ship platform |
| 30 Aug 2012 | Alimall Cubao-RCBC Agency | Quezon city | 4 | Drowning inside mall's septic tank |
| 9 May 2012 | Novo Jeans and Shirt (Retail) | Butuan City | 17 | Fire |
| 29 Apr 2011 | A Brown Palm Oil Plantation (Agri) | Opol, Misamis Oriental | 9 | Vehicular accident |
| 27 Jan 2011 | Eton Properties (Construction) | Makati City | 10 | Fall from gondola that Collapsed |

OHS *(voluntary compliance to general labor standards and OSH)*. Walang pinag-iba ang bagong DO na ito, liban sa pagpapatupad nito sa pamamagitan ng tripartismo. Ibig sabihin, kasama sa inspeksyon o ang tinatawag na *joint assessment* ang kinatawan ng unyon. Ngunit mapanlinlang ito dahil ang kinatawan ng unyon ay ayon rin sa pagpili o di kaya ay pagsang-ayon ng gobyerno. Kung kaya, sa kabila ng pagpapalit ng batas, nagtala at humakot pa rin ng mas maraming bangkay ng mga manggagawa ang gobyerno dulot ng mga aksidente sa lugar paggawa. Mas masaklap pa ay karamihan sa mga naging biktima ay pawang mga kontraktwal na manggagawa.

Sa inisyal na tala ng CTUHR, mayroong 38 kaso ng mga pagkamatay sa lugar pagawaan na ikinasawi ng 228 na manggagawa. Pinakamataas ang bilang ng kaso sa konstruksyon at pangalawa sa mga minahan. Ang dalawang sektor na ito, ang mga itinuturing na mapanganib subalit sila ring

pinakamababa o walang proteksyon para sa mga manggagawa. Sa ilalim rin ng gobyernong Aquino nangyari ang pinakamalaking sunog sa pagawaan (*biggest industrial fire*) sa kasaysayan, ang sunog sa Kentex Manufacturing Inc. noong May 13, 2015. Ang malagim na trahedyang ito ay maiiwasan sana kung hindi nagpabaya ang gobyerno sa mga inspeksyon sa pabrika. Ang Kentex Manufacturing Inc. ay binigyan ng DOLE ng *Certificate of Compliance* (COC) sa pamantayan ng kaligtasan at pagsunod sa batayang pamantayan sa paggawa (*basic labor standards*), sa kabila ng mala-kulungang istruktura ng pagawaang ito, hindi pagbabayad ng minimum na sahod at pagkalantad sa mga kemikal ng mga manggagawa. Probisyonal na *business permit* lang rin ang naibigay ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela sa Kentex at wala ring *Fire Safety Inspection Clearance* (FSIC) mula sa Bureau of Fire Protection (BFP). Ang Kentex Manufacturing Corp, ay gumagawa ng tsinelas na may tatak na Havana na ibinebenta sa ibat-ibang bahagi ng bansa.

Sa lahat ng kasong ito, wala ni isa mang may-ari ng kumpanya o ahensya ng pamahalaan na responsable sa pagtitiyak ng kalusugan at kaligtasan sa paggawa ang naparusahan. Sa halip, ipinamarali ng gobyerno ang kakarampot na halagang ibinigay sa mga pamilya (tulong sa lamay at libing) ng mga biktima sa kaso ng ETON, Keppel, Novo at Kentex. Halimbawa, mula ng maisampa ang kaso ng Kentex sa korte noong Hunyo, isang beses pa lang ang naging pagdinig. Pero malinaw ang paninidigan ng mga pamilya ng biktima lalo na sa Kentex na kahit tinanggap nila ang tulong pampinanasya, hindi sila tumigil sa paglaban para sa hustisya.

## Komprehensibong atake sa unyon at karapatan ng manggagawa

Ang propaganda at mapanupil na makinarya ang pangunahing kasangkapan sa likod ng retorika ng "Daang Matuwid" ng gobyernong Aquino upang itago nito ang tunay na kalagayan ng uring manggagawa. Sa loob ng anim na taon, ipinagkait at patuloy na nilabag ng gobyerno at mga kapitalista ang karapatan ng mga manggagawa. Gumawa ang gobyernong Aquino ng mga mapanlinlang na mga patakaran at hakbang upang pagmukhaing maka-manggagawa at maka-mamamayan ang mga programa nito. Ngunit hindi kayang pagtakpan ng retorika at propaganda ng gobyernong Aquino ang tunay na kalagayan ng buhay ng mga manggagawa. Sa kabila ng kahirapan, ang mga manggagawa at mamamayan ay nag-organisa at lumalaban upang mapabuti ang kanilang kalagayan.

Ang komprehensibong atake laban sa karapatan ng mga manggagawa ay nagpapatuloy at walang pinagbago sa nagdaang gobyerno ni Arroyo na makikita sa mga sumusunod na porma: 1) pinatinding pleksiblisasyon sa paggawa 2) kontra-manggagawang patakaran at kautusan 3) pasismo ng estado sa pamamagitan ng karahasan at pagsasampa ng gawa-gawang kaso bilang bahagi ng kontra-insurhensyang programang Oplan Bayanihan.

### Batas, Kooptasyon, at Lantarang Atake: Pormula ng Nakaliligalig na Kapayapaang Pang-Industriya

Ginamit ng gobyernong Aquino ang batas, ko-optasyon sa mga unyon kasabay ng lantarang pandarahas at panunupil upang itaguyod ang kapayapaang pang-industriya at lalo pang isulong ang interes ng kapital at dayuhang pamumuhunan. Sa likod ng pagtataguyod kuno ng demokratikong proseso ay ang layuning patahimikin ang mga manggagawang lumalaban sa mga patakarang umaatake sa interes at karapatan ng mga manggagawa at nagdudulot ng higit pang pagpapahirap at kawalang-hustisya.

### SEnA: Pinabilis na proseso para sa kapital

Sala-salabat na nga ang napakahabang legal na proseso ang dapat daanan ng isang manggagawa kung magsasampa ng reklamo laban sa di pagbabayad ng tamang pasahod, benepisyo at mga di maipaliwanag na kaltas sa kakarampot na sahod, illegal dismissal, suspensyon at iba pa, subalit dinagdagan pa ito ng gobyernong Aquino. Ilang buwan pa lang sa pwesto ang gobyernong Aquino, inilabas ng DOLE ang Department Order No. 107-10, Series of 2010 o ang *"Guidelines on the single entry approach prescribing a 30-day mandatory conciliation-mediation services for all labor and employment cases"* o mas kilala bilang *Single Entry Approach* (SenA).

Ayon sa DOLE, layunin nitong pabilisin ang proseso ng pagresolba ng mga hidwaan sa pagitan ng empleyado at employer, na may eksepsyon sa kaso ng implementasyon ng CBA at ng *Notice of Strike*. Ibig sabihin, obligado munang dumaan at pag-usapan sa SEnA Desk Officer sa loob ng 30 araw ang reklamo at kung hindi magkakasundo, saka lamang ito iaakyat sa NLRC o NCMB mula sa dating direktang pagsasampa ng kaso sa NLRC. Sa panayam ng CTUHR sa mga manggagawa ng Kentex halimbawa, kinailangan pang maghintay ng 30 araw ang mga 'survivors' at pamilya ng biktima ng sunog para harapin ng NLRC ang mga usapin ng *underpayment*. Kadalasan rin sa pag-uusap sa SEnA mas hinihikayat ng *Hearing Officer* na tanggapin ng manggagawa ang anumang halagang inaalok ng kapitalista

kahit hindi ito akma o sapat sa nararapat tanggapin ng manggagawa. Wala ring kapangyarihan ang *Desk Officer* ng SEnA na desisyunan ang mga kaso.

Sa realidad, pinabilis lang ng SEnA ang proseso sa pagpapalaya sa mga kapitalista mula sa mga nararapat na obligasyon niya sa manggagawa habang mas pinatatagal o mas nagiging mailap ang pagkamit ng pang-ekonomiyang hustisya sa mga naagrabyadong manggagawa. Dagdag pa, nagbibigay panahon rin ang SEnA sa mga kapitalista para paghandaan at makapagmaniobra, ubusin ang oras, at mas pahirapan ang mga manggagawa sa mga gastusin (tulad ng pamasahe at iba pa) bago umakyat ang kaso sa NLRC hanggang sa mapilitan na lang ang manggagawang tanggapin ang anumang halagang inaalok ng kapitalista.

## Tripartismo at NTIPC: Kooptasyon sa mga unyon upang suportahan ang neoliberal na adyenda

Sa pakikipagsabwatan sa mga bago at lumang dilawang unyon, halos na-perpekto ni P-Noy ang pagsasaayos ng relasyong industriyal at paggawa para pagsilbihin sa interes ng kapitalista lalo na ang mga dayuhang korporasyon.

Pinakamapanlinlang na patakaran at mekanismong ipinatupad sa relasyong paggawa ang pagpapanumbalik ng Tripartite Industrial Peace Council (TIPC). Ang TIPC ay binuo sa panahon ng gobyerno ni Cory Aquino upang kabigin ang mga unyon at nang suportahan ng mga ito ang mga programa sa ilalim ng *Structural Adjustment Program* (SAP). Ang Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) na itinayo sa panahon ng diktadurang Marcos sa tulong ng Asia-America Free Labor Institute (AAFLI), ang kumakatawan sa manggagawa, kaya mababa kundi man walang kredibilidad ang TIPC. Sa mga sumunod na taon ay halos wala na ring nakakaalala sa TIPC.

Subalit nabigyan ng panibagong buhay ang TIPC noong Setyembre 2010 sa bisa ng DO -01-11 at higit itong pinagtibay sa ilalim ng RA 10395 na naglalayong palakasin ang tripartismo[2] bilang patakaran sa relasyon sa

2 Tripartismo sa paggawa, mekanismong sinimulan ng International Labour Organization (ILO) kung saan kinakatawan at ginagawang `pantay' ang katayuan ng employer, manggagawa at gobyerno. Ang ILO ang nag-iisang tripartite body sa United Nations. Sa Pilipinas, ang employer ay kinakatawan ng Employers Confederation of the Philippines (ECOP), DOLE para sa gobyerno, at TUCP, FFW, SENTRO atbp para sa manggagawa. Bukod sa TIPC, ang isang halimbawa pa ng tripartite body ay National/Regional Tripartite Wage and Productivity Boards (N/RTWPB).

paggawa. Sa tripartismo, pinalalabas na pantay ang katayuan ng kapitalista, gobyerno at manggagawa, sa loob ng sistemang kapitalismo.

Ilan sa mga layunin at gawain nito ayon sa DOLE ay: 1) TIPC Monitoring Body na siyang nag-iimbestiga sa paglabag sa karapatang mag-organisa kasama ang pagpaslang sa kilusang paggawa batay sa rekomendasyon ng ILO High Level Mission sa bansa noong 2009; 2) Pagsasagawa at paghuhulma ng mga patakaran, panukalang batas at mekanismong isinusumite sa Malakanyang at Kongreso; 3) magbigay ng suporta sa mga ahensya ng DOLE sa panahon ng mga sigalot sa paggawa. Sa dalawang mayor na layunin nito, ang NTIPC na kalaunan ay naging NTIPC Plus, pinakamahusay nitong ginampanan ang paghuhulma ng mga panukalang batas at patakaran sa paggawa na sa kalakhan ay di lamang nagpahina sa kilusang manggagawa kundi naglantad sa manggagawa sa matinding pagsasamantala at panunupil . Ayon mismo sa DOLE, ang mga *issuances* at *order* kaugnay sa mga isyu sa manggagawa at empleyo ay ipinoproseso sa TIPC (BLR website). Gumagamit ang mga Orders na ito ng mga salita, na animo'y maka-manggagawa at maka-unyon, pero sa esensya pinapalabo nito ang mga tunay na isyung lumalabag sa karapatan ng mga manggagawa. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

- DO-18-A - Kontraktwalisasyon
- DO 107-10 (SEnA)
- DO 131-13 -
- *PEZA Guidelines on Police and Military's Intervention on Labor Dispute*
- DO 115-11 (Pagbibigay ng insentibo sa kumpanyang sumusunod sa labor standards)
- DO 118-12 (Two-Tier Wage System sa manggagawa sa bus, na sinundan na ng 2TWS sa lahat ng industriya sa bansa) at;
- Department Order 40-H 2013 (amyenda sa DO 40-G-03, Series of 2010, na nagkumpuni sa Art. 263 o Assumption of Jurisdiction (AJ) para maging katanggap-tanggap sa anyo ng paglilinaw sa "*industries indispensable to the national interest*" pero pinapanatili ang kapangyarihang ng DOLE Secretary na magpalabas ng AJ.

Ang NTIPC ay binubuo ng 52 labor organizations, 81 employers, 26 youth sectors at ang TIPC+, may 40 non-government organizations, 50 government agencies, 6 International organizations at ITCs. Hindi kasama sa mga unyon at organisasyong ito ang Kilusang Mayo Uno (KMU). Ilan sa

mga regular na kasapi ng TIPC Executive Council (TEC) ay mga kinatawan ng Alliance of Filipino Workers, Alliance of Progressive Labor, Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), Federation of Free Workers (FFW), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Church-Labor Conference (CLC sa pamumuno ni Rene Magtubo), AGLO, NCL, ECOP at iba pa. Ang mga kinatawan ng unyon at mga organisasyong ito na umuupo sa TIPC Executive Council ay hinirang ng Presidente. Sa ibang rehiyon tulad ng sa Negros, ang mga TIPCs, ay binigyang kapangyarihan na rin na duminig at mag-areglo sa mga kasong isinasampa ng manggagawa sa DOLE.

Bukod sa NTIPC at mga sangay nito sa rehiyon, probinsya, syudad o munisipyo, itinayo rin ang mga *Industry Tripartite Councils* (ITCs) kung saan ang lider ng sentrong unyon (ayon sa pili ng DOLE at mga kapitalista), mga kapitalista sa partikular na industriya o sektor, at kinatawan ng DOLE ay nagsasama-sama rin para maghulma at iayos ang relasyong industriyal. Halimbawa sa mga ITCs na naitayo na ay sa bangko, plantasyon ng saging, mina, *business process outsourcing* (BPO), konstruksyon, ospital at hotel. Inanak nito ang mahigit 150 *Voluntary Codes of Conduct or Good Practices* (sa pagtatapos ng2014), at iba pang *guidelines* na nagtatakda ng pakikiisa ng manggagawa sa pagpapatakbo ng negosyo sa bansa.

Simula sa panahon ni Ramos ay may 43 *policy issuances* ang DOLE na dumaan sa TIPC, 19 rito ay inilabas sa ilalim ng gobyernong Aquino (BLR website). Ang NTIPC at mga ITCs ang *showcase* o mukha ng umano'y partisipasyon ng manggagagawa sa pamamahala (governmance) na gobyernong Aquino sa harap ng dayuhang mamumuhunan, dambuhalang institusyong nagpapautang at pandaigdigang organisasyon na naghahangad ng kapayapaang pang-industriyal para swabeng maipatupad ang neo-liberal na programa at patakaran .

Sa kalagayang sinusupil at dinadahas ang tunay na unyon ng mga manggagawa at pinapaslang ang mga lider nito, ang tripartismong itinataguyod ay di lamang mapanlinlang, kundi isang misrepresentasyon o pagtataksil sa tunay na interes ng manggagawa, habang nagagamit ito para sa 'mapayapang' pagnenegosyo ng mga kapitalista. Dagdag pa, sa ganitong sistema, mapanlikha pero tusong nakalilikha ng impresyon na hindi na kailangan ang independyenteng unyon, sapagkat bahagi ang manggagawa sa pagdedesisyon o pagbubuo ng mga patakaran (*policy-making*). Sa ilalim ng neoliberal na globalisasyon at sistema ng pinaghaharian nang walang kapantay na paghahangad sa tubo ng mga kapitalista, kailan man ay di magaganap ang pantay na relasyon ng manggagawa, employer at gobyerno na siyang esensya ng tripatismo.

Sa esensya, isinuko na ng mga sentrong unyon at nagkukunwang organisasyon ng manggagawa na kabilang sa NTIPC ang karapatan at kapangyarihang tumuligsa sa mga patakarang kontra-manggagawa tulad ng DO 18-A, dahil kasama sila sa naghulma nito, kaya ang propaganda at protesta nila laban sa kontraktwalisasyon ay ika nga sa kasabihan, ay asin sa nagnanaknak na sugat.

Ang pagsamba ng gobyernong Aquino sa kapital ay hindi natapos sa kooptasyon sa mga unyon. Taong 2011 pa lamang, inilabas din ng DOLE ang DO 115-11, *Rules on incentivizing labor law compliance* kung saan binibigyan ng insentiba at *Tripartite Seal of Excellence* ang mga kumpanyang boluntaryong sumusunod sa batas paggawa samantalang barya lang na sahod ay hindi pa maipagkaloob sa mga manggagawa kahit buong panahon pa silang nagtatrabaho. May US$1 milyong ayuda ang ILO para sa *Labour Law Compliance System* sa bansa.

### Oplan Bayanihan: kontra-insurhensya sa Kilusang Paggawa

Pagpaparusa sa mga lumalabag sa karapatang pantao at pagpapanagot sa gobyernong Arroyo, ang laman ng mga talumpati ni P-Noy sa kanyang kampanya noong siya ay tumatakbo pa lamang sa pagkapangulo noong 2009. Sa kanyang pag-upo bilang pangulo, ibinilang niya ang paggalang sa malayang pag-oorganisa ng unyon (*freedom of association*) alinsunod sa pandaigdigang pamantayan (ILO Conventions 87 & 98) sa mga pangunahing karapatang kanyang ipatutupad at isa sa ubod ng patakaran sa paggawa. Subalit sa ulat ng International Trade Union Confederation (ITUC) noong 2014, nanatili ang Pilipinas bilang isa pinakamapanganib at pinakamasahol na lugar sa mundo para sa mga manggagawa at unyonista.

Mula ikalawang hati ng 2009, hanggang 1 Marso 2016 nakapagtala ang CTUHR ng 726 na iba't-ibang kaso ng paglabag sa karapatan ng manggagawa kung saan libo-libong manggagawa ang apektado (Tignan ang table 3). Kabilang rito ang mga kaso ng pagpaslang sa mga lider manggagawa at maralita, militarisasyon sa mga lugar hanapbuhay at usaping paggawa, pagsasampa ng gawa-gawang kaso at agresibong paniniktik at harassment sa mga lider ng unyon.

#### 26 na unyonista at lider maralita ang pinatay, isa ang sapilitang nawala

Kauupo pa lang ng gobyernong Aquino sa pwesto nang paslangin sina Mark Franciso at Edgar Fernandez, kapwa guro sa pampublikong paaralan sa Masbate at mga kasapi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) noong

**Table 3: Trade Union and Human Rights Violations (CPR) June 2010 to March 2015**

| CPR CASE TITLE | BLG. NG KASO | BLG. NG BIKTIMA |
|---|---|---|
| Extra Judicial Killings | 24 | 26 |
| Physical Assault | 45 | 524 |
| Threat, Harassment and Intimdation (including surveillance, coercion and other forms) | 88 | 887 |
| Arbitrary Arrest/Detention | 13 | 213 |
| Red baiting | | |
| Political Persecution | 136 | |
| Abduction | 3 | 5 |
| Enforced Disappearance | 1 | 1 |
| Fabrication of Criminal charges due to political acts/beliefs or labor dispute | 41 | 293 |
| Divestment of Property | 5 | 10 |
| Destruction of Property | 4 | 35 |
| Violation of Domicile | 1 | 5 |
| Assault in the picketline | 13 | 538 |
| Breaking-up/Violent Dispersal of workers concerted action | 13 | 2293 |
| Food Blockade | 2 | 62 |

Hulyo 9, 2010. Sumunod na pinaslang si Carlos Rodriguez, Presidente ng unyon sa Calamba Water District Union, COURAGE noong Nobyembre 12, 2010. Si Cielito Bacay, isang unyonista rin sa Maeno Gaeken sa First Cavite Industrial Estate (FCIE) ang sumunod na naging biktima ng pagpaslang.

Ilan pa ang sumunod sa kanila, at ang pinakahuli ay si Florencio Romano, organisador ng National Coalition for the Protection of Workers Rights (NCPWR)-Southern Tagalog noong Marso 8, 2015. Nitong Enero (2016), pinaslang rin ng mga di kilalang kalalakihan si Teresita Navasilla, lider at spokesperson ng Save Pantukan Network, isang grupo ng mga mga organisasyong lumalaban sa pagpasok ng malalaking dayuhang minahan sa Pantukan Compostela Valley, at isa ring minera sa kanyang tindahan.

Subalit hindi rin ligtas ang mga manggagawa sa iba pang kontra-insurhensyang operasyong militar. Nitong Enero, ang isang 14 na taong gulang na batang minero ang nasugatan ng bala ng baril sa loob ng minahan at malubhang nasugatan ang isa pang nitong kasamahan nang walang habas na magpapatutok ang mga elemento ng 46th IB-AFP sa Pantukan Compostela, Valley. Bahagi ng *clearing operations* ang operasyon ng mga

sundalo upang bigyang-daan ang pagpasok ng National Development Corporation (NADECOR) sa pagmimina sa naturang lugar, na dati'y reserba lamang sa maliliitang pagmimina (*small scale mining*). Samantala, sa Timog Katagalugan, hinihinala namang dinukot bandang Agosto 2013 at hanggang ngayon ay nawawala pa si Benjamin Villeno, dating manggagawa at organisador ng unyon sa Honda Cars.

Katulad sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ng nakaraang gobyernong Arroyo, ang mga biktima ng pagpaslang ay mga aktibong lider ng kani-kanilang organisasyon, nakaranas ng mga paniniktik at panggigipit, na katangian ng halos lahat ng kontra-insuhensyang programa ng pamahalaan kung saan tinatarget ang progresibo at independyenteng seksyon ng kilusang unyon. Pangalan lamang ng programa ang nagbago. Mula sa Oplan Bantay Laya 1 at 2 ni Arroyo, pinalitan ito ng Oplan Bayanihan sa panahon ni Aquino. Ang kalakhan sa nilalaman ng Oplan Bayanihan ay nagmula sa Counter-Insurgency Plan ng Estados Unidos (US COIN).

Wala ni isang nadakip o naparusahan sa mga dati at nadagdag na kaso ng pagpaslang, sapilitang pagkawala o iba pang paglabag sa mga unyonista at manggagawa kahit pa ang mga dati nang kasong inimbestagahan ng ILO ay siniyasat ng TIPC Monitoring Body. Hindi umusad at nauwi sa wala ang mga kaso dahil umano sa kawalan ng testigo o interes sa kaso ng mga kamag-anak ng biktima.

Pero kahit may mga testigo, wala pa ring intensyong paruhasan ang mga lumalabag sa karapatang pantao. Si General Jovito Palparan halimbawa, ay malayang nakagalaw hanggang, sa tila dramang pagdakip nito noong Agosto 2014. Ngunit makalipas ang ilang buwan ay iniuwi rin siya nang mapayapa sa kanlungan ng mga kasamahang sundalo sa Camp Aguinaldo. Sa kabila ng patung-patong na kaso at ebidensya, tumatakbo si Palparan sa pagka-Senador para sa ngayong darating na halalan sa Mayo 2016.

### Militarisasyon sa lugar-hanapabuhay at lantarang pangingialam sa usaping paggawa

Katulad sa nagdaang rehimeng Arroyo, hindi binitawan ng Oplan Bayanihan ang direktang pakikialam sa mga usaping paggawa. Halimbawa, nagpatuloy ang malaya at lantad na pakikialam ng mga elemento ng 10th IB ng AFP sa anyo ng pagbibigay ng mga anti-KMU seminar, panunuhol, pananakot, pandarahas sa mga manggagawa at kasapi ng AK-NAFLU-KMU sa Dole Philippines sa South Cotabato taon bago ang eleksyon ng unyon noong 2011. Kaya naman, hindi na nagtaka ang AK-NAFLU-KMU nang

sila ay magapi ng sustenadong operasyong militar na suportado mismo ng kumpanya at paggamit ng dilawang lider unyonista sa naganap na eleksyon ng unyon (*certification elections)* noong Pebrero 2011.

Hindi lamang ipinagpatuloy ang ganitong sistema sa ilalim ng administrasyong P-Noy, sa halip ginawa itong institusyonalisado, ligal at sistematiko. Noong Mayo 23, 2011, inilabas ng gobyerno ang *Joint DOLE-PNP-PEZA Guidelines in the Conduct of PNP Personnel, Economic Zone Police and Security Guards, Company Security Guards and Similar Personnel During Labor Disputes.* Layunin umano nitong tiyakin ang angkop na koordinasyon ng mga ahensyang ito sa pagresponde sa mga kaso o insidente ng strike/lockout/picket o kahit anong sigalot sa paggawa (*labor dispute*) sa loob at labas ng mga *economic zones*. Saklaw din nito ang mga security guards sa ilalim ng PNP-SOSIA, MMDA personnel, PEZA security agencies at mga tauhan ng HR at kasapi ng PMAP.

Matapos ang isang taon, sinundan at pinalawak pa ito ng *Guidelines on the Conduct of the DOLE, DILG, DND, DOJ, AFP and PNP Relative to the Exercise of Workers' Rights and Activities.* Ibig sabihin, hindi na lang welga ang saklaw kundi anumang porma ng pagkilos na may kinalaman sa paggiit sa karapatan ng manggagawa. Sa Timog Katagalugan halimbawa, ang anumang pagkilos ng mga manggagawa ay palaging tinatambakan ng kombinasyon ng mga pwersa ng estado para panatilihin daw ang 'kaayusan'. Pero sa Tanduay Distillers, pasibong nagbantay ang mga pwersang ito habang binubugbog ng mga bayarang goons ang mga manggagawang nagpoprotesta at sinisira nito ang mga kagamitan at sasakyan.

Sa mga eleksyon ng unyon, aktibo rin ang militar sa pagbabantay at paghahasik ng mga anti-komunistang propaganda laban sa mga lider at organisador ng KMU halimabawa na lamang sa eleksyon ng unyon sa CTP Mining Corp (Surigao del Sur) at Sumifru (Compostela Valley). Sa Negros Occidental, isang platoon ng sundalo ang mula sa 62$^{nd}$ IB-PA-AFP ang iniulat sa CTUHR na namalagi sa panahon ng eleksyon sa Hda Ambolong Levar Development Corp upang takutin ang mga kasapi ng HALDICORWU-NAFLU-KMU, ang unyon ng manggagawa sa naturang kumpanya..

## Ligal na opensiba: patuloy na pagsasampa ng kasong kriminal sa mga unyonista

Mula sa paggawa ng batas at mekanismo, higit na pinaghusay pa ng gobyernong Aquino ang paggamit sa ligal na proseso para pahinain ang iba pang unyong nanindigang di-pumaloob sa NTIPC. Samu't-saring

gawa-gawang kasong kriminal tulad ng pagpatay (*murder*), *kidnapping*, panununog, robbery, *illegal possession of firearms and explosives*, *malicious mischief*, at iba pa ang isinampa laban sa mga lider unyonista at mga maralita. Ilan sa mga kinasuhan at nakakulong hanggang ngayon ay sina Randy Vegas at Raul Campasano ng Pambansang Tanggapan ng COURAGE, samantala may nakaabang na *warrant of arrests* para kina Amelita Gamara, Deputy Secretary-General ng KMU-NCR at si Roy Velez, Chairman ng KMU-NCR sa kasong *multiple murder*. Inuugnay ang apat sa operasyon ng New People's Army (NPA) na ikinasawi diumano ng ilang pulis sa Camarines Norte at Ifugao. Matatandaang halos ganito rin ang kaso ng abogado ng manggagawa na si Atty. Remigio Saladero noong 2008, sa kasagsagan ng opensibang ligal sa ilalim ng Oplan Bantay Laya. Subalit, ibinasura ng korte ang naturang kaso laban kay Saladero dahil sa kawalan ng batayan.

Bukod sa kanila, dinakip din ng PNP-CIDG at ng ISAFP noong 2015 at hanggang sa kasalukuyan ay nakakulong pa rin sina Adelberto Silva, ang maybahay nitong si Sharon Cabusao, mga kasamahang Isidro de Lima at Renante Gamara sa kaso ring *multiple murders*. Si Silva at Gamara ay NDFP Consultant sa usapang pangkapayaan at matatagal na ring organisador ng unyon. Si Cabusao ay isang mananaliksik ng Crispin B. Beltran Resource Center (CBBRC). Sinampahan rin ng kasong *murder*, *arson*, *robbery in band* at pilit na inuugnay sa serye ng pag-atake ng NPA (sa Negros) ang mga aktibista at organisador sa kilusang paggawa na sina Ronald Ian Evidente, Gualberto Dajao, Romulo Bitoon ng KMU-Negros. Sa Davao region, kinasuhan rin sina sina Artemio Robilla ng Maragusan Workers Union, Stanfilco at Danilo Delegencia, President at Board Member ng DOLE Stanfilco Workers Union sa South Cotabato. Sa kabuuan, sa datos ng CTUHR, may 288 lider at organisador ng manggagawa ang sinampahan ng kaso ng pulis, militar at mga kapitalista. Sa tala ng CTUHR, 213 manggagwa ang naaresto at nakakulong subalit may ilang pinalaya rin habang iniimbestigan ang mga kaso.

Bukod sa mga kontra-insurhensyang panunupil, hinarap rin ng mga manggagawa ang pandarahas ng pwersa ng kapital at estado sa panahon ng mga protesta o welga. Halimbawa, 538 na manggagawa ang dinahas sa piketlayn at mahigit 2,000 mangagagawa ang nakaranas ng mararahas na pabuwag sa ibat-ibang tipo ng kilos protesta. Tampok na halimbawa rito ay ang marahas na pagbuwag sa welga at protesta sa Co Bankiat (Paranaque), Pentagon Steel (Quezon city) NXP Semiconductors (LISP I), Laguna at Tanduay Distillers (Cabuyao, Laguna).

## Pinalawak na paniniktik, harassment

Nitong nakaraang taon (2015) umigting ang mga paniktik, pananakot sa mga aktibista sa kilusang paggawa. Batay sa tala ng CTUHR na 31 kaso, pinupuntahan ng nagpapakilalang *intelligence officer* ang bahay, opisina o lugar na kadalasang pinupuntahan ng biktima at mag-aalok ng "tulong". Kapag tumanggi ang biktima ay binabantaan siyang "may mangyayari" sa kanya or sa kanyang pamilya. Ang iba naman ay pinadadalhan ng sulat na malisyosong nag-uugnay sa kanila o sa kanilang organisasyon sa CPP-NPA. Ito ay karanasan ng 26 na kasapi at opisyales ng Pambansang Tanggapan ng COURAGE at 5 opisyales at istap ng KMU.

Liban dito, iba't-ibang tipo ng panggigipit ang dinaranas ng manggagawang nagrereklamo o nagtatangkang mag-unyon. Halos 50 kaso ng *harassment* at iba pang panggigipit laban sa mga manggagawa sa loob ng pagawaan ang naitala ng CTUHR. Kabilang dito ang mga kaso ng di-makatarungang suspensyon at tanggalan (dismissals). Maliit ang bilang na ito sa aktwal, bunga na rin ng kahirapan ng CTUHR na imonitor ang kalagayan sa loob ng mga empresa.

## Tanggalan, pagsasara at pagsasanib (mergers) ng mga kumpanya, at malawakang union busting: daan tungo sa kontraktwalisasyon

Nakapagtala ang CTUHR ng 35 kaso ng tanggalan at pagsasara mula noong pangalawang hati ng 2010 hanggang sa kasalukuyan, apektado ang 14,725 na manggagawa. *Outsourcing* at pagbuwag sa unyon ang kadalasang dahilan ng pagsasara at pagtatanggal sa trabaho. Halimbawa na lamang noong 2011, ang Philippine Airlines ay nagtanggal ng 2,600 na mga regular na manggagawa dahil sa programang spinoff- outsourcing ng kumpanya.

Noon namang 2013, ang RPN 9 naman ay nagtanggal ng 200 empleyado dahil raw sa "pagkalugi", ayon kay *Presidential Communication Operation Office (PCOO) Chief* Herminio "Sonny" Coloma. Ang Radio Philippine Network (RPN) ay nasa ilalim ng pangangasiwa ng PCOO. Dalawang-daang manggagawa rin ng GMA7 ang tinanggal dahil sa *streamlining* sa kabila ng pagdami ng bilang ng kontraktwal na `*talents*' at manggagawa

Sa Cebu, ang Cordia Philippines ay nagsara ng kanilang operasyong, na nagresulta ng pagkawala ng trabaho ng 200 call center agents noong 2013. Samantalang 500 na empleyado naman ang nawalan ng hanapbuhay sa Digitel Telecommunication, dating pagmamay-ari ng mga Gokongwei. Naganap ang tanggalan pagkatapos bilhin ng PLDT ang shares ng Digitel ng 51.5%. Ayon kay Mon Isberto, tagapagsalita ng PLDT, nagtanggal sila

dahil sa "redundancy" sa trabaho. Ngunit ang katotohanan, ang monopolyo sa telekomunikasyon ang pinakadahilan kung bakit may pagsasanib ng mga kumpanya na nagreresulta ng redundancy at pagkawala ng trabaho. Noong 2013 din, ang manedsment ng Bluestar Manufacturing Inc. (tagapaglikha ng Advan Shoes) ay itinigil ang kanilang operasyon, at iniwanang walang trabaho ang 210 manggagawa (karamihan ay kababaihan). Naghahanda na ang mga mga manggagawa ng Bluestar noon para sa kanilang *collective bargaining negotiation* nang magpahayag ang manedsment ng Blustar ang kanilang pagsasara.

Noong Marso 27, 2014, nagsara rin ang  dayuhang kumpanyang Carina Apparel, 3,600 manggagawa ang nawalan ng trabaho.  Ang  Carina Apparel ay gumagawa  para sa kilalang *brands* tulad ng Marks and Spencer, Calvin Klein, Victoria Secret, Uniqlo, Gap at iba pa, Ayon sa Carina Apparel Inc. Labor Union (CAILU),  ang pagsasara ay malinaw na pagbuwag sa unyon dahil nagsimula na ang collective bargaining negotiation sa pagitan ng manedsment at unyon nang maganap ang pagsasara. Samantalang nagsara ang Hoya Glass Disk, isang kumpanyang Hapon sa Batangas, nang nagsisimula pa lang mag-unyon ang  mga manggagawa. May 2,600 na manggagawa ang apektado ng pagsasara ng Hoya.

Sa Asahi Flat Glass Philippines, tinanggal rin ang 81 (44 at 37) na regular na manggagawa kasama ang 4 na opisyales ng unyon noong 2015 at 2016, sa gitna ng negosasyon para sa collective bargaining agreement. Ayon sa manedsment, napilitan silang gawin ito dahil sa paghinto ng buyer (Toshiba) sa isang produkto nito. Subalit malaking tanong ito, sapagkat, tuloy-tuloy ang paglaki ng bilang ng kontraktwal na manggagawa. Ang Asahi Flat Glass ay may 700 manggagawa, 99 lamang ang regular.

Noong Disyembre 2015, 11 manggagawa ng Planters Bank ang nawalan ng trabaho dahil umano sa redundancy matapos bilhin ng China Bank Savings Inc. (CBSI) ang Planters Bank. Kasunod nito ay ang hindi pagkilala ng CBSI management sa unyon ng mga manggagawa ng Planters Bank o Plantersbank Employees Association (PDBEA). Tumanggi rin ang CBSI na harapin ang PDBEA sa negosasyon at ipatupad ang huli nitong napagkasunduang compensation package sa Planters Bank. Napabalita ring nag-aalok ng retire-rehire scheme ang CBSI sa mga manggagawa ng Planters Bank na tiyak na lalong magpapababa sa benepisyo at kompensasyon ng mga manggagawa.

Noong Marso 2015, binili (*buy-out*) ng dambuhalang kumpanyang NXP Nasdaq N.V ang Freescale sa pandaigidigang saklaw na nagresulta sa

**Table 4: Mga paglabag sa karapatan sa lugar paggawa at iba pang karapatang pang-ekonomya, sosyal at kultural (June 2010 – March 2015)**

| ESCR CASE TITLE | BLG. NG KASO | BLG NG . BIKTIMA |
|---|---|---|
| **1. Violation of security of tenure** | | |
| Retrenchment/Closure | 35 | 14725 |
| Dismissal | 51 | 2673 |
| Labor flex/Forced labor/ Reduced Workdays | 7 | 4506 |
| Long Term Contractualization | 13 | 3588 |
| **2. Unsafe Working Condition** | | |
| Death due to unsafe working condition | 38 | 228 |
| **3. Violation of the right to receive fair and just wages** | | |
| Underpayment of minimum wage | 9 | 4797 |
| Non/Delayed payment of wages | | |
| Violation of the right to social security, insurance an other statutory benefits | 10 | 2225 |
| **4. Violation of the right to freedom of association and collective bargaining** | | |
| Non-recognition | 14 | 1017 |
| Union-Busting | 44 | 11,716 |
| Harassment of Unionist in workplace | 49 | 4,200 |
| Interference of Union Affairs | 14 | 6,165 |
| Prohibition of Right to Strike | 12 | 1,197 |
| 5. CBA Violation and issues | | |
| Non-implementation of CBA | 17 | 2,158 |
| Bargaining in Bad faith/Refusal to Bargain | 31 | 9,993 |
| Total | 343 | |

pagsasanib (*merger*) ng dalawang kumpanya. Resulta ito ng pagpapanibagong ayos (*restructuring*) sa lahatang panig ng operasyon nito sa buong daigdig. Ang Freescale ay mas kilala sa paggawa ng mga Radio Frequency (RFs) components, na isang bahagi rin ng produksyon ng NXP sa Pilipinas. Kaya naman, bago pa man maging ganap ang pagsasanib, ibinenta na ng NXP ang produksyon ng Radio Frequency (RFs) sa ibang kumpanya, na nagresulta sa pagkatanggal ng 700 regular na manggagawa at kasapi ng NXP Semiconductors Inc Workers Union (NXPSCIWU-NAFLU-KMU). Ilang buwan pa lang napirmahan ang CBA sa pagitan ng unyon at manggagawa matapos ang matagumpay na pagkilos ng unyon at tagasuporta nito laban sa tangkang pagdurog sa unyon. Sa kagyat, 700 kasapi ang natapyas mula sa organisasyon.

Subalit dahil na rin kilos ng sa unyon, naghapag ang manedsment ng NXP ng opsyon sa manggagawang apektado ng mga sumusundo: 1) retirement at separation pay at 2) i-absorb ng bagong Chinese company ang mga manggagawa sa parehong katayuan sa loob ng dalawang taon. Subalit,

matapos ang panahong ito, walang katiyakan kung mananatili pa ang mga manggagawa sa nasabing kumpanya.


## Papapaliit na bilang ng unyonisadong manggagawa, mas maliit ang saklaw ng CBA

Ang kombinasyon ng pleksibilisasyon sa paggawa, kontra-manggagawang batas at ligal na mekanismo, at kolaborasyon ng mga dilawang lider ay lubhang nanalanta sa karapatang mag-unyon ng manggagawang Pilipino.

Sa tinatayang 40,090,000 pwersa ng paggawa, at 22.2 milyon (55.37%) sahurang manggagawa, 1.95 milyon o 8.8% lamang ng sahurang manggagawa ang kasapi sa unyon sa pagtatapos ng 2014. Nahahati pa ito sa iba't-ibang sentrong unyon at pederasyon. Bagama't relatibong dumami ang bilang mula sa 1.85 milyon noong 2013 at 1.94 milyon noong 2014, pababa naman ang bilang ng mga manggagawang mayroong *collective bargaining agreement (CBA)*. Noong 2015, may 206,927 manggagawa lamang o halos 10.6% lamang ng manggagawang nasa unyon ang may CBA, mas mababa ito kaysa sa naitalang bilang ng mga manggagawang may CBA noong 2013 na may bilang na 227,049 o 12.3% ng unyonisadong manggagawa (BLR, 2015).

Sa pagliit ng bilang ng may unyon at mga manggagawang saklaw ng CBA, lalong nalalantad ang mga manggagawa sa iba't-ibang klase ng abuso nang

**Tsart 5: Unionized workers vs. workers with CBA (2000-2014)**




walang proteksyon ng unyon. Dahil rin dito, lumalabas na mapanlinlang at malaking insulto sa mga manggagawa ang sinasabi ng DOLE at Malacanang na mas mainam kung ang dagdag sahod ng mga manggagawa ay magmula sa mga CBAs sa halip na sa pamamagitan ng isang pambansang batas.

Hindi rin nakapagtataka kung ang bilang nga mga welga at organisadong protesta ng mga manggagawa ay bumaba dahil ang welga ay ligal lamang na mailulunsad ng mga rehistradong unyon. Mula ng 2010 hanggang sa kasalukuyan, nakapagtala lamang ang DOLE ng 13 welga kumpara sa 250 welga sa panahon ni Arroyo mula 2001 hanggang 2009. Ito ay dahil hindi isinasama ng DOLE ang mga protesta ng mga mangagawa na hindi maituturing na welga sa ligal na depinisyon nito, tulad halimbawa ng protesta ng mga manggagawa sa NXP Semiconductors Inc. sa Laguna Industrial and Science Park I (LISP I) at iba pang pagkilos ng mga manggagawa. Ang pagbaba ng welga ay sinasabing patunay ng maayos na pagkakasundo ng manggagawa at ng kapitalista at pamamayani ng kapayapaang pang-industriyal, ganoong resulta lang ito ng nagtutuloy-tuloy na patakarang neo-liberal na ipinatutupad sa bansa.

## Paglaban at Pakikibaka ng mga Manggagawa

Sa gitna ng tumitindi at komprehensibong atake sa karapatan ng mga manggagawa at maralita dulot ng mapanupil na estado at neoliberal na mga patakaran, hindi natinag ang mga manggagawa at nagpatuloy na paglulunsad ng mga pakikibaka at kampanya para sa pagkamit ng nakabubuhay na sahod, disenteng trabaho, karapatan sa ligtas na paggawa, kalayaang mag-organisa at hustisya.

**Tsart 6: Employed, wage and salary, unionize, and with CBA**



## Matagumpay na Pakikibaka para sa Regularisasyon

Sa kabila ng malawakang kontraktwalisasyon at iba't-ibang kontra-unyong batas at kalakaran, nakapagtala ang CTUHR ng ilang matitingkad na mga kaso ng matagalang kontraktwalisasyon na organisadong nilabanan ng manggagawa. Pinakamatagumpay ang welga ng mga drayber, forklift operator at pickers ng Coca-Cola Bottlers Plant sa ilalim ng Unyon ng Manggagawang Drayber, Forklift Operator at Pickers ng Coca-cola Bottlers Philippines Inc. (UMDFP-CCBPI) Independent sa Sta. Rosa Laguna noong 2013. Marami sa kanila ay nagtatrabaho sa nasabing kumpanya ng 10 hanggang 18 taon, na isinailalim sa The Redsystem Company Inc. (TRCI)- manpower agency- bilang kontraktwal na manggagawa. Makalipas ang 3 araw na welga, napilitang kilalanin ng Coca-cola manedsment ang kahilingang gawing regular ang manggagawa at kasapi ng UMDFP-CCBPI.

Pinangunahan rin ng mga kontraktwal ang laban at welga na manggagawa ng Tanduay Distiller Inc. Malakas ang loob at sagad-sagarin si Lucio Tan kaya wala ring silbi ang kautusan ng DOLE na kilalanin ang unyon, dahil sa kabiguan nitong maipatupad ang desisyon. Matagumpay ring naitayo, sa pangunguna ng kababaihang manggagawa, sa Yoshida Farm at Nader NEH sa Sto. Tomas, Davao del Norte, ang kanilang welga para labanan ang tangkang kontraktwalisasyon at pagbabayad ng piece-rate sa mga manggagawa. Makalipas ang 3 araw, ay napilitang ang manedsment na ibasura ang piece-rate system at painalitan ito ng kada-oras na pasahod (*hourly-rate*).

Kontraktwal na mga manggagawa rin ang nanguna sa laban para sa regularisasyon ng manggagawa sa Sagara Metro Plastic sa ilalim ng Samahan ng Manggagawa Para sa Regular na Hanapbuhay (SAPAREHA) sa Sagara at Karzai Corporation sa ilalim ng Ilaw, Buklod at Pag-asa ng mga Manggagawa sa Karzai Corp. (IGPAK), mga organisasyon ng manggagawang kapwa nakabase sa Laguna.

Matatagal na ring kontraktwal na manggagawa at talento ng "Kapuso Network" o GMA7 ang nanguna sa pagsasampa ng kaso sa NLRC para i-regularisa ang mga "talents" na hindi kiniklalang empleyado ng kumpanya. Itinayo rin nila ang Talent Artist of GMA (TAG) samahan ng mga talents at media workers ng GMA, at naipagwagi nila ang demanda para sa regularisasyon ng 107 manggagawa at talents.

## Matagumpay na laban para sa sahod, CBA at bigwas sa tangkang pagbuwag sa unyon

Sinimulan ang taong 2012 ng malawakang welgang nilahukan ng humigit kumulang na 1000 manggagawa at kanilang mga pamilya sa plantasyon ng Filipinas Palm Plantation Inc. (FPPI) sa Agusan Del Sur laban sa iligal na pagkakatanggal sa 293 na manggagawang kaswal sa kabila ng ilang taon nang paninilbihan sa kumpanya. Kasama sa ipinoprotesta ang di pagbibigay ng tamang sahod at benepisyo. Inabot ng 62 araw ang welga matapos maglabas ng kautusan ang DOLE na balik trabaho. Tagumpay rin ang CBA sa Hinatuan Mining Corp, CARAGA Region, kung saan P70 na dagdag na sahod kada araw ang napalunan ng mga manggagawa.

Malaking tagumpay rin ang pagkilos ng manggagawa ng NXP Seminconductors Workers Union laban sa tangkang pagbuwag sa unyon at pagtalikod sa CBA ng kanilang manedsment noong 2014. Sa 24 na opisyales ng unyon, 12 ang naibalik at naisara ang negosasyon ng CBA. Ang kombinasyon ng militante at sama-samang pagkilos sa loob at labas ng bansa, ang epektibong paggamit sa *social media* at suporta ng iba't-ibang sektor sa dedikasyon ng mga mangagawa sa NXP ang naging susi sa tagumpay ng pagkilos na bumasag sa ilang dekadang pananahimik at no-union no strike policy sa mga enklabo o *special economic zone*. Resulta nito, signipikanteng bilang ng manggagawa sa kalapit pabrika, ang nagka-interes magbuo ng unyon. Isa rito ang unyon ng manggagawa sa Optodev na naipagtagumpay ang kanilang unang CBA.

Tagumpay rin ang dalawang araw na welga para sa CBA ng mga empleyado ng RMN-Davao noong 2015. Naglunsad din ng welga ang mga manggagawa sa plantasyon ng saging noong Hunyo 2015, nang ang manedsment ng Sumitomo Fruits (SUMIFRU) Corporation ay pinasara ang isa sa kanilang packing plant (PP) sa Compostela Valley at tinanggal ang 177 manggagawa. Ayon sa Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm-Naflu-KMU(Namasufa-Naflu-KMU) ang hakbang na ginawa ng maneydsment ng SUMIFRU ay pagganti sa unyon at manggagawa dahil sa matibay na pagtutol at pagbigo sa plano na *piece wage system* na pasahod ng kumpanya.

## Kauna-unahang unyon sa BPO Industry, naitayo

Dekada 90 pa lamang nang maitayo ang business process outsourcing industry (BPO) sa bansa. Sa panahong ito hanggang noong nakaraang taon, walang organisasyon o unyon ng manggagawa ang nabuo bagama't may

mga impormal na samahan o network tulad ng BPO Industry Employees Network (BIEN) na umiral. Subalit noong nakaraang taon, tulak na rin ng panganib sa seguridad sa trabaho dahil sa merger at buy-outs na karaniwan na sa mga kumpanya, itinayo ng halos 1,000 empleyado ng West-Alorica ang kauna-unahang unyon sa industriya ng BPO, United Employees of West Contact Services (UEWCS) na sa kalaunan ay naging United Employees of Alorica (UEA).

### Pakikibaka para sa para pambansang minimum na sahod

Bilang tugon sa neoliberal na atake sa sahod ng manggagawa, nagsama-sama ang mga manggagawa at kawani sa pribado at pampublikong sektor sa isang alyansa, ang All Workers Unity, upang labanan at ilantad ang atake sa sahod dulot ng wage rationalization at salary standardization. Itinutulak ng AWU ang isang pambansang minimum na sahod para sa mga manggagawa sa pribadong sektor (P750 kada raw) at isang minimum na sahod rin para sa pampublikong sektor (P16,000 kada buwan).

### Masiglang paglahok sa mga pambansang usapin

Sa kabila ng matitinding atake sa hanay nito, hinarap pa rin ng mulat at progresibong manggagawa at kilusang paggawa ang paglaban sa katiwalian at mga makaisang panig na kasunduang pangseguridad na pinasok ng gobyernong Aquino.

Tuloy-tuloy na nakilahok at kumilos ang mga progresibong organisasyon ng manggagawa laban sa bilyong pisong pagwawaldas sa kaban ng bayan sa ilalim ng Priority Development Assistance Fund (PDAF) at Development Acceleration Program (DAP) o pork barrel ng mga mambabatas at ng Malakanyang mismo. Puspusan din itong lumahok sa mga pagkilos laban sa panghihimasok ng Estados Unidos sa Pilipinas at pananatili ng mga sundalong Amerikano sa bansa. Lumahok ito sa panawagan para sa pagpaparusa sa sundalong Amerikanong sangkot sa pagpatay kay Jennifer Laude, pagkondena sa pakikialam ng Amerika sa Mamasapano Massacre at panawagan sa pagbasura ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) bagama't kinatigan ito ng Korte Suprema.

## Kongklusyon at perspektiba

Sa loob ng anim ni taon ng panunungkulan ni P-Noy, naging mas malala ang kawalan ng trabaho at kondisyon ng manggagawa, maralita at ng mamamayan. Komprehensibo ang naging atake sa kabuhayan at karapatan

ng manggagawa at maralita na tusong itinatago ng gobyerno gamit ang mga popular na pahayag at pagkabig at pagpaloob ng mga kolaborasyonistang seksyon ng kilusang unyon sa paghulma at pagpapatupad ng patakaran at programang neoliberal. Pinatunayan ni Aquino na siya ang pinakamasugid at tapat na tagapagpatupad ng mga neoliberal na patakaran at programa sa Pilipinas. Pinatunayan rin nya na tapat ang Daang Matuwid, ngunit hindi sa mamamayan kundi sa kapital at dayuhang mamumuhunan. Ang Daang Matuwid ang mukha ng rumagasang neoliberalismo sa Pilipinas, isang sistemang nagbibigay ng higit na kapangyarihan sa kapital na gumalaw at mamahala sa ekonomiya ng bansa at sa daigdig ng may pinakamababa o walang interbensyon ng gobyerno, liban sa pagbibigay ng ligal na batayan dito. Sinalamin ito ng mga batas, kalakaran at kasunduan pang-ekonomiya at pang-militar na ipinasa at ipinatupad ni P-Noy na pawang nagtiyak ng mas malaking tubo at pakinabang para sa iilang mayayaman at dayuhang mamumuhunan samantalang lalong pinahihirapan ang mamamayan.

Kung kaya, hindi na dapat pang ituloy, palawakin o itaguyod ang Daang Matuwid. Sa halip, dapat itong biguin, maging ang mga tagapagtaguyod nito. Dapat ring maging mapagbantay sa mga tratado at kasunduang nilagdaan at balak na lagdaan pa ng gobyernong Aquino at ng susunod na administrasyon na nagtutulak ng higit pang pagbubukas ng Pilipinas sa malayang kalakalan at dayuhang pamumuhunan, kasama ang pagbabago sa natitirang makabayang probisyon ng Saligang Batas

Kailangang masusing aralin at bantayan ang epekto ng ASEAN Economic Community o AEC (integrasyon ng 10 bansa sa Timog Silangang Asia, Pilipinas, Malaysia, Singapore, Indonesia, Thailand, Vietnam, Laos, Cambodia, Myanmar, Brunei) kung saan nilalayon ng Pilipinas na manguna rito, ganoong hindi naman makikinabang ang Pilipinas sa kasunduang ito. Halimbawa, kasama rito ang malayang pagpasok at paglabas ng produkto at skilled na manggagawa. Prayoridad ang mga produktong agrikultural at aqua-marine (lamang dagat), mga sektor ng ekonomyang lubos na pinabayaan sa nakaraang anim na taon. Hinahanda rin ng DOLE ang partikular na lalamanin ng regulasyon sa pagpapasok ng mga skilled na manggagawa at *experts* sa bansa para sa mga dayuhang kumpanya, samantalang ang mga OFW ay karaniwang matatagpuan sa mga unskilled at semi-skilled labor, na di saklaw ng *service agreement* sa ilalim ng AEC.

Kailangan ring bantayan sa partikular ang mga ipinangako ng Pilipinas sa usapin ng pagbabago sa klima (*climate change*) tulad ng paggamit at paglilipat sa mas malinis na enerhiya, modernisasyon na naglalagay sa

panganib ng kabuhayan ng libo-libong tsuper ng jeepney halimbawa, bunsod ng nakatakdang pag-phase-out sa mga ito ngayong 2016 at 2017. Isang halimbawa rin dito ay ang pagpalit gamit sa mga taniman o asyenda ng tubo, tungo sa produksyon para sa bio-ethanol, nang walang malinaw na alternatibong pangkabuhayang ibinigay sa mga manggagawang bukid.

Sa adbokasiya at kampanya sa labas ng bansa,ay maliit na positibong espasyong inihain ang pagtitibay at paglilinaw ng United Nations nito lang Marso 8, sa ligal na obligasyon ng estado hinggil sa karapatan sa makatarungan at paborableng kondisyon sa paggawa. Sa isang gobyerno na mas binibigyang halaga ang imahe sa pandaigdigang saklaw kaysa kapakanan ng kanyang mamamayan, maaring magamit ang ganitong espasyo para obligahin at panagutin ang estado o ang gobyerno ng Pilipinas na igalang, itaguyod at ipatupad ang ganitong kasunduan, at mailantad ang mga paglabag dito. Subalit, maging malinaw na ito ay pagpapalapad ng larangan ng kampanya o maging alyansa at hindi solusyon. Hangga't ang isinisulong na agenda ng sinuman, magpalit man ng mukha sa Malakanyang ay programang nagsisilbi sa pagpapalaki ng tubo ng iilan at sumasamba sa dayuhang puhunan at kalakalan bilang motor ng kaunlaran, hindi mapapawi ang kahirapan, mananatiling naghihikahos ang mamamayan, supil ang karapatan, itinataboy at pinapaslang ang ating mga kapatid na katutubo at ang mga lumalaban, habang walang pakundangang nilalapastangan at dinarambong ang ating likas na yaman.

Higit sa lahat, pinatunayan sa pakikibaka ng manggagawa sa loob ng anim ng taong panunungkulan ni Aquino at sa marami pang administrasyong nagdaan, na nasa pagkilos at pakikibaka pa rin ang pag-asa ng manggagawa at mamamayan upang makamit ang tunay at ganap na pagbabago. Sa kabila ng ilang mga tagumpay at aral, nanatiling malaking hamon kung paano mahusay, mapangahas ngunit mapanlikha at malawak na ma-oorganisa ang mga manggagawa sa iba't ibang antas (lugar paggawa, industriya at pambansa) at larangan nang sa ganoon ay mulat silang makalahok at maging mas malakas ang pagkilos upang isulong ang mga maka-manggagawa at maka-mamamayang patakaran ngayong panahon ng eleksyon at maging sa pagkatapos nito. Sa tuluy-tuloy na paglawak at pag-oorganisa ng mga manggagawa, kasama ang malawak na alyansa nito mula sa ibat-ibang sektor higit na epektibong malalabanan ng progresibong seksyon ng kilusang paggawa ang neoliberal na atake habang sinasalag pandarahas at panunupil ng estado at hinahawi ang daan para sa isang alternatibong sistemang tunay magsisilbi sa interes ng mamamayan. ###

## Mga Sanggunian


Aquino, Benigno Simeon III (July 2010). State of the Nation Address of His Excellency Benigno S. Aquino III in *Official Gazette* website URL: http://www.gov.ph/2010/07/26/state-of-the-nation-address-2010/

Bayos, Kris (September, 2015) "Gov't to award 12 PPP projects before end of Aquino's term" in *Manila Bulletin* website. URL: http://www.mb.com.ph/govt-to-award-12-ppp-projects-before-end-of-aquinos-term/

Bureau of Labor Relations (No date). "Tripartism and Social Dialogues" in *Burea of Labor Relations* website. URL: http://www.blr.dole.gov.ph/blr_files/blr_transparency/tripartismandsocialdialogues.pdf

*Bureau of Labor and Employment Statistics* website. URL. labstat.psa.gov.ph

Geronimo, Jee (February, 2015) "PHILIPPINES: Worst-case scenario: K to 12 may displace 78K workers" in *Rappler.com*. URL: http://www.rappler.com/nation/84320-worst-case-scenario-k-12-displacements

Guda, Kenneth Roland (July 2014) "Worsening contractualization in gov't alarms state workers" in *Pinoy Weekly Online*. URL: http://pinoyweekly.org/new/2014/07/infographic-worsening-contractualization-in-govt-alarms-state-workers/

*Ecumenical Institute for Labor Education and Research* website. URL: www.eiler.ph

Hearne, Rory (Nov. 2009). *Development and Outcomes of Public Private Partnerships in Ireland: The Case of PPPs in Social Housing Regeneration*. Ireland: Poverty Research Initiatives. URL: http://www.combatpoverty.ie/publications/workingpapers/2009-07_WP_PPPsInSocialHousingRegeneration.pdf

Ibon Foundation (March, 2015). "Employers can afford substantial wage hike" in *Ibon Foundation* website. URL:http://ibon.org/2015/03/employers-can-afford-substantial-wage-hike/

Ibon Foundation (Jan. 2016). *Dulo ng Daang Matuwid: Liko sa Pagbabago*. Quezon City: Ibon Foundation

*Institute for Occupational Safety and Health Development* website. URL: www.iohsad.org

*International Labor Organization* website. URL: http://www.ilo.org/

Manila Today (Dec, 2014) "Workers launch fight against contractualization" in *Manila Today* website. Url:http://www.manilatoday.net/workers-launch-fight-contractualization/

Perdez, Jelbert (January, 2016) "COURAGE: Panukalang Umento sa Sahod Napakaliit" in *DWIZ 884 AM* website. URL: http://www.dwiz882am.com/index.php/courage-panukalang-umento-sa-sahod-napakaliit/

Serrano, Melisa R. eds. (2012). *The Rise of Non-Standard Employment in Selected ASEAN Countries*. Jakarta: ASEAN Services Employees Trade Unions Council (ASETUC) retrieved from *Friedrich-Ebert-Stiftung* website URL:http://library.fes.de/pdf-files/

bueros/singapur/10792.pdf

Tadem, Eduardo (March 2016). "Inequality, debt and tax injustice" in *Inquirer.net.* URL: http://opinion.inquirer.net/93507/inequality-debt-and-tax-injustice

*Trading Economics* website. URL: http://www.tradingeconomics.com/

Umil, Anne Marxze (March 2016). "Women's group bids goodbye to PH 'Garbage Man" in *Bulatlat.com* URL: http://bulatlat.com/main/2016/03/05/womens-group-bids-goodbye-to-ph-garbage-man/